<sup>5</sup>Dionisio A. Sy, *A Short History of Cebu 1500-1890's and The Anti-Spanish Revolution in Cebu* (Cebu City: Bathalad, Inc., 1996).

<sup>6</sup>Danilo Madrid Gerona, *From Epic to History: A Brief Introduction to Bicol History* (Naga City: A.M.S. Press, 1988).

<sup>7</sup>John E. Barrios, *The Katipunan in Aklan*, A paper submitted to the National Commission for Culture and the Arts, Manila in 1995; Rex S. Salvilla, *The Philippine Revolution in Iloilo*, Proceedings of the 1<sup>st</sup> Conference on West Visayas History and Culture (Iloilo City: Center for West Visayan Studies, 1990), pp. 74-82. <sup>8</sup>Elsie S. Ramos, *Kampihan: Problema ng mga Tayabane sa Panahon ng Himagsikan*, MSA Conference.

<sup>9</sup>Caridad A. Rodriguez, *Negros Oriental and the Philippine Revolution*, Vol. 1 (Dumaguete City: The Provincial Government of Negros Oriental, 1983), pp. 81-110.

<sup>10</sup>Kasama dito ang mga Kristyano, Sama, Tausugs, Subanons, Katutubong Visaya at Zamboangeño.

tatdos.<sup>9</sup> Naitatag na ang isang konseho ng rebolusyon nang napilitang kumanlong ang Gobernador Diego de los Rios. Tulad ng sa Iloilo, napilitan din likasin ng Gobernador ang Zamboanga matapos ipagkaloob ang pama-halaang lokal kay Alvarez. Hindi naglaon, lumalawak ang puwersa ni Alvarez bilang paghahanda laban sa tagumpay ng pagpasok ng mga Amerikano.

Sa Kordilyera kung saan ang balita tungkol sa Katipunan at sa napipintong pagsiklab ng labanan ay nasagap ng mga mangangalakal na Ibaloy sa mga Ilokano sa kapatagan, nagawang sumali ng ilan sa kanila (sina Kustacio Carantes at Mateo Cariño na nagmula sa timog ng Benguet) sa Katipunan. Bukod sa paminsaminsang nakararating ang mga ito sa Maynila, madalas din silang pinupuntahan ng mga Ilokanoong Katipunero.

Bagamat walang gaanong tala tungkol sa labanang namagitan sa mga katutubo maliban sa tangkang pag-alsaa ng pinunong Ibaloy na lusubin ang comandancia sa La Trinidad na nasugpo ng mga Kastila bago ito naipatupad, patuloy ang pakikipag-ugnayan ng mga ito sa pamahalaan ni Aguinaldo. Ilan sa mga ito ay kasali sa puwersa ni Heneral Tinio, bukod sa pagbigay tulong kay Isabela Abaya matapos mailunsad nito ang pag-alsaa sa Candon noong Marso 1898.

Dumating sa Kordilyera ang puwersang rebolusyonaryo noong Hunyo 1898. Kahit na nakalilito sa mga katutubo ang pagsiklab ng himagsikan dahil sa walo o di gaano ang pang-aaping naranasan di tulad ng sa kapatagan, masasabing nakilahok din sila sa simpatiyang kanilang ipinadama sa mga rebolusyonaryong Tagalog at Ilokano. Bandang Septiembre na nang maagaw nito ang Bontoc. Sa pagpasok ng buwan ng Nobyembre 1898 dumating si Aguinaldo na tinutugis ng mga Amerikano. Sa lahat ng bayan ng Benguet na dinaanan ni Aguinaldo, tulong na pagkain, gamot at

serbisyon kargador ang naiambag ng mga katutubo.<sup>10</sup>

Sapat na siguro ang mga nabanggit ko sa itaas na mga pagsiklab na muli ng labanan laban sa mga Kastila at di naglaon laban sa mga Amerikano sa taong 1898 bilang patunay na natupad ang mithiin ni Andres Bonifacio na ang himagsikang kanyang inilunsad noong 1896 ay sakop ang buong kapuluang Pilipino.

#### *Ang Pamahalaang Rebolusyonaryo ng 1898<sup>11</sup>*

Nitong nakalipas na ika-12 ng Hunyo 1998, tayo ay nasangkot sa mainit na mga gawaing may kinalaman sa pagdiriwang o paggunita sa sentenaryo ng proklamasyon ng ating kalayaan. Sa aking klase, isa sa mga tanong ng aking mga estudyante na may kinalaman dito ay: Bakit natin ginugunita ang sentenaryo ng 1898 samantalang napatalsik lang naman ang mga Kastila sa pamamagitan ng pagdating ng mga Amerikano na siyang pumalit sa mga Kastila?

Ang isang implikasyon ng ganitong tanong ay ang pananaw na hindi tayo nagtagumpay sa ating paghihimagsik laban sa mga Kastila. Ito ay hindi totoo. Ang pagtatag at pamamahalang nagawa ng Pamahalaang Rebolusyonaryo sa halos lahat ng sulok ng kapuluan simula noong Hunyo ng 1898 hanggang sa ito ay napalitan ng Pamahalaang Malolos noong 23 ng Enero 1899 ay nagpatotoo sa diwa ng proklamasyong ng ating kalayaan.

Naipakita ko sa unahan ng aking papel na ang himagsikan ay hindi si Emilio Aguinaldo, kung kayat ang pagsuko niya sa mga Kastila sa pamamagitan ng Kasunduan Biak-na-Bato ay hindi nagputol sa himagsikan na nanatiling buhay sa puso, diwa't gawain ng mga karniwang mamamayang Pilipino. Masasabing nagkaroon ng pagkakatang muling mamuno si Aguinaldo dahil sa may mga puwersa siyang nabalikan. Sa nakita niyang init na pagtanggap

<sup>9</sup>Composed of convicts, parolees and political prisoners from Luzon, the Bicol area, Samar, Bohol at Iloilo. Fe S. Alvarez, General Vicente Alvarez: The Revolutionary, PNHS.

<sup>10</sup>Delfin Tolentino, Jr., *Resistance and Revolution in the Cordillera* (Baguio City: UP Baguio, 1994).

<sup>11</sup>Teodoro A. Agoncillo, *Malolos: The Crisis of the Republic* (Quezon City: University of the Philippines Press, 1960).

sa kanyang pagbabalik, agad agad na nanungkalan siya bilang diktador ng Pamahalaang Diktatoryal. Sinundan ito ng proklamasyon ng ating kalayaan para lalong maglagablab ang pagnanais ng sambayanang Pilipino na makamtan ito sa kanilang pakikipaglaban sa mga Kastila. At sa loob lamang ng walang pang isang buwan, nabawi na ng mga rebolusyonaryo ang kapuluan sa mga kamay ng Kastila, maliban sa lugar na nakapalibot sa daungan ng Cavite at ang Maynila.

Masasabing ang mabilis na pangyayari tungo sa tagumpay ng paghihimagsik ay nakita sa simula pa ni Apolinario Mabini, na siyang naging tagapayo ni Aguinaldo. Bagama't salungat siya sa proklamasyon na ipinahayag ni Aguinaldo, iginiiit niya ang paghanda sa magiging epekto ng tagumpay sa malawakang layunin ng himagsikan na walang iba kung hindi ang maging malaya ang sambayanang Pilipino sa pamamagitan ng isang mapagpalayang pamahalaang Pilipino. Kung walang ganitong paghahanda, higit na kaguluhan ang mamamayani na maaaring magbubunga ng pagkawatak-watak ng kapuluang Pilipino. Di baga nagsimula na nang mangyari ito sa Negros kung saan nagtagtag ang mga Negrense ng sarili nilang republika na hiwalay sa pamahalaan na pinamumunuan ni Aguinaldo.

Ang ganitong paghahanda ay sinimulan ni Mabini sa paghikayat kay Aguinaldo na palitan ang pamahalaang diktatoryal (May 24-Hunyo 23) ng Pamahalaang Rebolusyonaryo (simula sa ika-23 ng Hunyo 1898). Ang legal na basehan ng bagong pamahalaan ay ang mga batas na sinulat ni Mabini at ipinahayag ni Aguinaldo noong Hunyo 1898.

Ang unang batas ay inihayag noong ika-18 ng Hunyo na nagpanibagong-tatag (*reorganize*) sa istruktura ng mga pamahalaang lokal, lalo na sa mga lugar na nabawi na sa mga Kastila. Sa pamamagitan ng demokratikong halalan, malayang mamimili ang mga mamamayan ng kanilang pinuno na siyang babalikat sa pagpatupad ng pagkakaroon ng panloob na katahimikan, pagkokolekta ng buwis, at pangangasiwa sa pagpatupad ng katarungan. Magkakaroon din ng mga Sangguniang Bayan sa bawat lalawigan. Itinadhana din sa batas ng

ika-18 ng Hunyo ang pahahalal sa mga kinatawan ng bawat lalawigan na bubuo ng Kongresong Mapanghimagsik (*Revolutionary Congress*).

Ang batas ika-18 ng Hunyo ay nasundan ng batas ika-20 ng Hunyo kung saan malinaw na itinakda kung paanong patatakbuhan ang lokal na pamahalaan para sa epektibong pamahala ng mga ito. Kasama din itinadhana na ang Kodigong Kastila, na hindi salungat sa alin man sa mga kautusan ng Pamahalaang Pilipino, ay patuloy na magkakabisa.

Ang panghuling batas na ipinahayag noong ika-23 ng Hunyo ay nagtakda ng pagtatag ng Pamahalaang Mapanghimagsik bilang kapalit ng naunang pamahalaang diktatoryal. Ang pangunahing layunin ng pamahalaan ito ay ang *pagpupunyagi sa ikapagkakaroon ng kasanrlan sa bansang Pilipinas bilang handa sa pagtatag ng tunay na republikang kikilalanin sa buong mundo*. Ito ay pamumunuan ng pangulo na siyang tatayong pangunahing tagapagpaganap (*chief executive*) sa tulong, sa simula ng apat, na gagawing anim sa mga susunod na mga araw, ng miyembro ng gabinete na siyang kakatawan sa mga kagawaran (*departments*), tulad ng Kagawaran ng Panlabas, Nabeo, at Komersyo, Kagawaran ng Digma at Gawaing Bayan, Kagawaran ng Pulisia, at Kaayusan, Hustisya, Edukasyon at Kalinisan, at ang Kagawaran ng Pananalapi, Agrikultura, at Industriya. Bukod dito, itinadhana din ang pagkakaroon ng Kongreso, na ang mga kinatawan ay ihahalal ayon sa itinadhana ng kautusan ika-18 ng Hunyo.

Sa madaling sabi, isang buong sistema ng pamahalaan ang itinadhana na hindi nanatili sa papel lamang. Bagkus, ipinatupad ito bilang kapalit ng Pamahalaang Diktatoryal simula din noong ika-23 ng Hunyo. Upang matiyak ang pagpatupad ng sakop ng pamahalaan ito sa lahat na sulok ng bansa, nagpadala ng mga *expeditionary forces o liberation units* si Aguinaldo sa mga lalawigan na siyang tutulong sa mga lokal na puwersa para tuluyang magapi ang mga natitira pang mga kalaban. Ito din ang mga grupong pinangungunahan ng mga sugo ni Aguinaldo ang siyang mangangasiwa sa pagpapatupad ng halalan ayun sa itinadhana

ng batas ika-18 at ika-23 ng Hunyo. Di naglaon, sinundan ito ng pagpatawag ng mga nahalal na kinatawan para sa Kongresong itinadhana din ng mga nasabing batas sa Malolos noong ika-4 ng Setyembre 1898.

Ang pagsugo ng mga *expeditionary forces* sa mga lalawigan ay maituturing na isa sa mga magandang nagawa ni Aguinaldo noong kapanahunan ng 1898. Hindi maitatutwa na may mga problemang lumitaw sa ilang lugar sa pagitan ng mga lokal na rebolusyonaryo at ilang mga sugo ni Aguinaldo. Ngunit, sa pangkalahanan, sa pamamagitan ng mga ito nadama ng mga pamamayan ang katotohanan ng pagkakaroon ng isang pamahalaang nanunungkuluan (*functioning government*) para sa kapakanan ng mga mamamayang Pilipino.

Para sa akin, nanalo ang mga Pilipino sa paghihimagsik laban sa mga Kastila. Naitatag ang isang pamahalaang malayang nanungkuluan, kinilala at sinusunod ng mga mama-mayang Pilipino kahit na sa gitna ng nagbabantang panibagong unos dala ng bagong mananakop. Ito ang Pamahalaang Rebolusyonaryo na itinatag ayon sa mga batas ika-18, 20, at 23 ng Hunyo 1898. Isang tagumpay na napakihi lamang nang ang Pilipinas ay sakupin ng mga Amerikanong akala nito ay kaibigan—iyon pala ay kaaway na kailangan labanan simula sa mga unang buwan ng 1899 para mapanatili ang tagumpay na nakuhna na sa paghihimagsik laban sa mga Kastila.

#### *Ang pamumuno ng mga elitista at pananakop ng mga Amerikano<sup>12</sup>*

Ang pamumuno ni Emilio Aguinaldo bilang kapalit ni Andres Bonifacio ay nagbigay daan sa pagyabong ng pamumuno ng mga elitista sa natitirang panahon ang ating himagsikan. Sila ang mga dating kasangga ng mga Kastila na sila ding unang tumalikod sa Pamahalaang Malolos at nakipagkasundo sa mga dayuhang Amerikano bago pa man sumiklab ang labanang Pilipino-Amerikano.

<sup>12</sup>Maliban sa pagtukoy ng pinagkunan, ang impormasyon na tinutukoy ay nanggaling kay John R.M. Taylor, *The Philippine Insurrection Against The United States*, Vol. I and II (Pasay City, Philippines: Eugenio Lopez Foundation, 1971).

Upang pagtibayin ng mga elitista ang kanilang panunungkuluan sa pamahalaan ni Aguinaldo, nahikayat nilang pag-ibahin ang layunin ng Kongresong itinadhana ng mga batas ika-18 at 23 ng Hunyo 1898. Ayon sa plano ni Mabini, ang Kongreso ay itinatag hindi upang gumawa ng Konstitusyon, kundi magpayo at magsuhay sa opisina ng pangulo para maging matatag ito, lalo na sa panahon ng krisis na kinakaharap pa ng bansa. Ayon sa kanya, ang paggawa ng isang saligang batas ay dapat gawin sa panahon ng katiwasayan at kapayapaan upang magkaroon ng maganda at sapat na pagkakataon na makapag-isip ang mga kinatawan para makabuo ng magiging haligi ng tunay na demokrasya sa bansa. Ngunit ang ganitong plano at pag-iisip ni Mabini ay sinalungat ng mga kinatawan ng Kongreso, na ang pinakamalaking bahagi ay nabibilang sa marurunong at mayayaman. Sa likod ng pagkatalo ni Mabini, ipinadala niya ang kanyang nakahandang *Programa Constitucional de la Republica Filipina* sa pag-aakalang maaari pang masawata ang anumang makasariling plano ng mga kinatawan. Sa kasamaang palad, ito ay hindi binigyan pansin ng mga kinatawan na nagpatuloy sa kanilang paggawa ng Konstitusyon. Ang naging bunga ng kanilang trabaho ay ang Saligang Batas ng Malolos na siyang basehan ng Republika ng Malolos noong ika-23 ng Enero 1899. Ito ang itinuturing ng ating pamahalaan at nakararami sa atin ngayon na unang Pamahalaang Republika ng bansa at si Emilio Aguinaldo ang unang Presidente.

Sa aking pa-aaral ng kasaysayan ng ating rebolusyon, naging mahirap tanggapin ang ika-22 ng Marso 1897 bilang araw ng pagkatatag ng isang mapagpalayang pamahalaan dahil sa nangyari sa pulong ng Tejeros noong 1897 na humantong sa kamatayan ni Andres Bonifacio sa kamay ng kapwa niya rebolusyonaryo. Ganon din kahirap para sa akin tanggapin ang Republika ng Malolos na siyang napiling kapalit nito bilang *kaunaunahang mapagpalayang pamahalaang Pilipino*. Hindi lamang sa katotohanang may naunang dalawang pamahalaan nang itinatag (ang Republika ng Katagalugan ni Andres Bonifacio at ang Pamahalaang Mapanghimagsik ni Mabini), bagkus kara-

mihan sa mga taong bumuo at namuno nito ay siyang ring mga unang tumalikod dito.<sup>13</sup>

Mahalaga sa isang pamahalaang demokratiko, na siyang ipinahihiwatig ng Pamahalaang Malolos, ang pagkakapantay-pantay ng sangay ng ehekutibo, lehislatibo at hudikatura. Ngunit alinsunod sa probisyon ng Konstitusyon ng Malolos, di hamak ang kapangyarihan ng lehislatibo kung ihahambing sa ehekutibo at hudikatura. Ang kapangyarihan lehislatibo ay nasa kamay ng Asembleya na binubuo ng mga kinatawang inihalal sang-ayon sa batas. Hindi ang buong bayan ang hahalal sa presidente kundi ang Asembleya. Ang Gabinete, na binubuo ng mga kalihim ng ibat-ibang kagawaran ng pamahalaan, ay mananagot hindi sa Pangulo, kundi sa Asembleya. Ang Punong Mahistrado ng Kataastaasang Hukuman ay hihirangin ng Asembleya. Ang pagsang-ayon ng Pangulo at ng gabinete nito ay isang pormalidad lamang. Kung gayon, ang lehislatibo at hindi ang ehekutibo o ang Pangulo ang siyang tunay na makapangyarihan.

Karamihan sa mga kinatawang bumuo ng Asembleya ay ang mga taong sa simula ng ating paghimagsik ay marubdob na nanawagan sa mga mamamayang Pilipino na panatilihin ang katapatan sa Espanya. Sila din ang nagtulungan para mapawalang saysay ang mga pagsisikap ni Mabini na maitatag ang isang malayang pamahalaang matibay na masasandigan ng mamamayang Pilipino.

Sila din ang unang tumalikod sa Pamahalaang Malolos bago pa man nagsimula ang labanan Pilipino at Amerikano. Ito ay pinatunayan ni William Cameron Forbes na nagsabing<sup>14</sup>:

*Maliban kay Mabini, tinalikuran nila ang Pamahalaang Malolos bago pa*

<sup>13</sup>Ilan sa mga ito ay sina Felipe Calderon, Pedro Paterno, Felipe Buencamino, atbp.

<sup>14</sup>All of these, with the exception of Mabini, withdrew from the Malolos government prior to the outbreak of hostilities with the United States. They represented the conservative, well-educated class, and following them many others in minor posts also withdrew from the Malolos government and brought their families within the American lines.

*sumiklab ang labanan laban sa Estados Unidos. Kinakatawan nila ang mga konserbatibo't may pinag-aralan uri sa lipunan. Sumunod sa kanila ang iba pang nananungkulan sa mga mababang posisyon kabilang ang kanilang mga kaanak papunta sa panig ng mga Amerikano (akin ang pagsasalin).*

Hindi nakapagtatakang natalo tayo sa ating digmaan laban sa mga Amerikano.

### ***Konklusyon***

Noong ika-5 ng Mayo 1997, isa ako sa naanyayahan ng Opisina ng Presidente sa pamamagitan ni Asst. Executive Secretary Ernesto P. Martinez, na magbigay liwanag kung kailan natin dapat gunitain ang pagkakatag ng Opisina ng Presidente.

Naniniwala akong pinakauna ang Republika ng Katagalugan ni Andres Bonifacio. Ngunit, ang pangangailangan ng karagdagang dokumento upang matiyak kung kailan nagsimulang nanungkulan ang Katipunan bilang isang pamahalaan ay isang dahilang katanggaptanggap sa akin na pansamtalang isantabi ito sa ngayon. Siguro sa susunod na pagdiriwang natin ang sentenaryo, ang Republika ng Katagalugan na ni Bonifacio ang kikilalanin nating unang Pamahalaan at ang bagong halal na si Joseph Estrada ay panglabing apat na pangulo simula kay Andres Bonifacio.


Samantala, alin sa ika-22 ng Marso 1897, ika-23 ng Hunyo 1898 o ika-23 ng Enero 1899 kaya ang dapat nating gunitain? Ang pamahalaang itinatag ayon sa nangyaring halalan sa Tejeros noon ika-22 ng Marso 1897 ay nagtagtag ng isang malakas na opisina ng presidente. Masasabing diktatoryal ito dahil sa ang paghihiwalay at pagkakapantaypantay ng tatlong sangay ng pamahalaan na itinadhana sana ng Konstitusyon ng Biak-na-Bato ay hindi nabigyan ng pagkakataon na maipatupad nang sumuko si Emilio Aguinaldo ayon sa kasunduang Biak-na-Bato.

Itinatag noong ika-23 ng Enero 1899 ang isang payat na halos buto't balat na opisina ng presidente. Hindi ito malaya, at lalo nang hindi kapantay, sa dalawa pang ibang pangunahing sangay ng pamahalaang Malolos. Bukod dito, tinalikuran ito ng mga taong bumuo nito at nagbigay daan sa pagtagumpay ng pananakop sa atin ng mga Amerikano.

Isang malakas na opisina ng presidente ang itinadhana ng batas ika-23 ng Hunyo 1898. Bukod sa malakas at malaya, kapantay ito sa pagpapatupad ng tungkuling pampamahalaan ng lehislatura at hudikatura. Ang aga-agang pagpatupad nito sa katauhan ng Pamahalaang Revolucionario noon din ika-23 ng Hunyo ay nagpakita ng matapat na hangaring ng may akda nito na tuparin ang pangunahing layunin

ng Himagsikan 1896: ang maitatag ang isang malakas, malaya, kinikilala, at sinusunod ng mga mamamayang Pilipino.

Tanging ang Pamahalaang Revolucionario na itinatag noong ika-23 ng Hunyo 1898 ang may taglay ng lahat na katangiang ito. Kaya lang ang paglago at pakinabang na maidudulot sana nito sa sambayanang Pilipino noon ay dagliang pinutol ng Pamahalaang Malolos na siyang ginugunita natin bilang unang pamahalaang demokratiko ng Pilipinas at ng buyong Asya. Tila may problema ang pag-aaral natin ng ating kasaysayan. Harinawang maituwid natin ito bago dumating ang muling pagdiriwang ng sentenaryo ng proklamasyon ng kalayaan, isang daang taon mula ngayon. \*



# Ang Kumbensyong Teheros sa Iba't Ibang Pananaw

EMMANUEL FRANCO CALAIRO

*Isang daantaon na ang nakalilipas nang maganap ang makulay na yugto sa ating kasaysayan, ang laban upang tapusin ang kolonyalismong Kastila sa ating bayan. Kaalinsabay sa labanang ito ay makikita rin ang naging relasyon ng bawat Pilipino habang nakikipaghgamok sa mga dayuhan. Mula nang isigaw ang paghihimagsik sa Pugadlawin, Kalookan noong Agosto 23, 1896 hanggang sa labanan sa Halige (Imus) at Magpuri (Perez Dasmariñas), Kabite ay wala nang naging pahinga ang mga Katipunero sa kanilang pakikikipagtunggali sa pagkamtan ng kasarinlan. Ang isa sa mga dahilan kung bakit agarang idineklara ang himagsikan noon sa Kalookan ay wala nang maaari pang gawin ang mga Anak ng Bayan dahil ang lihim na asosasyon ay nadiskubre na ng mga Kastila sa Tundo. Ang pormal nilang paghayag ng kanilang layunin sa publiko ay ginanap sa Kalookan.*

Simula ng petsang ito ay binagyo ng mga kabiguan ang mga rebolusyonaryo sa Kamaynilaan dahil sa kawalan ng kahandaan kaiba sa lalawigan ng Kabite na kahit paaano'y nananalo sa labanan.

Sa pagkapanalo ng mga Kabitenyo sa paghihimagsik, ang supremo Andres na pumunta sa Kabite sa pamamagitan ng paanyaya ng kanyang tiyuwing Mariano Alvarez.

Sa naturang buwan (Disyembre) ay naganap din ang pulong ng mga Magdalo sa Imus upang pag-usapan ang pagbabago ng Katipunan bilang siyang namamahala sa pagsulong ng kalayaan. Bagama't hindi nagkaroon ng desisyon sa pulong, dito na nag-umpisang magkaroon ng samaan ng loob ang supremo at mga Magdalo. Ito ay sinundan pa ng mga pangyayari na ang kinahinatnan ay ang magulong relasyon ng Magdalo at Magdiwang sa pulong sa Teheros, San Francisco de Malabon.

<sup>1</sup>Si Emmanuel F. Calairo ay nagtuturo sa Departamento ng Kasaysayan, De La Salle University.

Sa papel na ito ay ginamit ng may-akda ang batis na sinulat nina Gregoria de Jesus, Ricarte at Alvarez kasama na ang mga sulat ni Andres Bonifacio. Ang batis tulad ng sinulat ni Ronquillo ukol kay Rillo at Memorias ni Hen. Aguinaldo at mga sulat nina Daniel Tirona at Antonio Montenegros ay sadyang hindi binanggit sapagkat hindi tumutugma sa kasalukuyan nang nalalaman ukol sa kumbensyon. Gayunpaman, ay kinakailanan itong pag-usapan upang mabigyan ng kalinawan kung hindi man maresolba ang suliranin sa mga batis ukol sa nasabing kumbensyon.

Sadya ring hindi binanggit ng may-akda ang mga sumunod na kaganapan sa Tanza, Acta de Teheros at Acta de Naik sapagkat walang pagkakasundo ang mga batis na kinonsulta ukol dito. Dagdag pa na ang papel ay tumutukoy sa kumbensyon sa Teheros. Gayunpaman, ito ay hindi maaaring mawalay sa talakayan sapagkat magkakabit ang mga pangyayari mula sa Imus hanggang sa pagpupulong sa Naik tungo sa kamatayan ng Supremo Andres Bonifacio.

### ***Mga pangayari bago ang Kumbensyon Teheros***

Ang mga naging kaganapan sa Teheros partikular na sa relasyon ng supremo at ng sangguniang Magdalo ay maaaring maipaliwanag sa mga pangayari bago naganap ang kumbensyon. Ang mga pangayaring ito ay nagbigay ng malaking epekto sa emosyonal at sikolohikal na relasyon ni Bonifacio at ng mga Magdalo partikular na kina Hen. Baldomero Aguinaldo, Emilio Aguinaldo at Daniel Tirona.

Ang una sa mga ito ay nang magpulong ang mga Katipunero sa Banlat upang pag-usapan ang sabay-sabay na pagkilos ng lahat ng lalawigan sa Katagalugan. Sa naturang pulong ay itinalaga ng Supremo ang Magdiwang sa pamumuno ni Hen. Mariano Alvarez na siyang mamumuno sa Kabite. Kaya naman hindi isinama ng supremo sa naturang pagkilos ang mga Magdalo sapagkat napagtanto ng supremo ang hindi pagsang-ayon ng balangay na ito sa maagang himagsikan. Gayunpaman, ang naturang pulong ay nakarating sa mga Magdalo dahil naroroon pala sa pulong na iyon si Domingo Orcullo, isang Magdalo. Kanyang iniulat na ang pagkilos ay pamumuan lamang ng Magdiwang. Ito'y mahalaga sapagkat nagsimulang magkaroon ng lamat ang relasyon ng supremo at ng mga Magdalo ngunit lubhang maliit lamang at hindi sapat na magbigay ng gulo sa bawat isa.

Dahil sa matinding labanan sa San Juan del Monte, umurong at nagtago sa kabundukan ng San Mateo ang tropang pinamumunuan ni Bonifacio upang makaiwas sa mga opensiba ng Kastila. Sa kabilang dako naman ay nananalo sa mga labanan ang batambatang heneral na si Emilio Aguinaldo ng Kabite. Dahil sa ganitong sitwasyon marahil kung kaya't nagpahayag si Emilio Aguinaldo na kinakailangang magtayo na ng pamahalaang rebolusyonaryo na siyang mamamahala sa rebolusyon laban sa Kastila. Ang naturang pahayag o manipesto ay lumabas noong Oktubre 1896 nang hindi man lamang kinokonsulta ang pinuno ng Katipunan. Bagaman natatalo sa labanan ay nararapat lamang na kausapin muna ng supremo sa mga bagay

na ito sapagkat siya ang pinuno ng Katipunang umiiral sa buong Katagalugan. Ang pagwalang bahala ni Emilio Aguinaldo ay maaaring nakapagdulot naman ng sama ng loob kay Bonifacio sa mga Magdalo.

Ang ikatlong pangayari ay nang dumating si Bonifacio sa Kabite kasama ang kanyang mga kaanak at nanirahan sa Imus sa bahay ni Juan Castañeda. Sa bahay na ito dinalaw ang supremo ng mga pinuno ng Magdalo kabilang sina Hen. Baldomero Aguinaldo, Daniel Tirona, at Vicente Fernandez. Nang makita ni Bonifacio si Fernandez ay kaagad na iniutos ang pagdakip dito sapagkat ang naturang Fernandez ay hindi pala tumupad ng kanyang tungkulin at pangakong mangunguna sa pag-aalsa sa Morong at Laguna. Sa kanya rin isinisisi ng supremo ang dahilan ng pagkatalo ng mga Katipunero sa labanan sa San Juan del Monte. Dahil sa ginawing ito ni Fernandez kaya mainit ang dugo ni Bonifacio at iniutos ang agarang pagdakip sa naturan. Ngunit sa halip na tumalima ang mga Magdalo sa iniutos ng supremo ay pinagtawanan lamang niya. Ito ang kauna-unahang pagkakataon na nakita ng hayag ng supremo na hindi panig sa kanya ang mga Magdalo.

Ang ikaapat na pangayari ay nang makatanggap ng impormasyon ang supremo na mayroong kumakalat na sulat sa buong lalawigan ng Kabite na nag-uudyok sa lahat ng mga tagarito na huwag nilang pag-ukulan ng anumang paggalang si Bonifacio sapagkat ayon kay Daniel Tirona, taong mababa ang pinagaralan at isang katiwala lamang na naglingkod sa bahay-kalakal ng Aleman. Ang masasamang paratang na ito ni Tirona ay nakarating sa supremo sa pamamagitan ng mga kaibigan. Nang magkita si Tirona at ang supremo sa bahay ni Andrea Nocon ay inusisa ang katotohanan sa likod ng balita laban sa kanyang katauhan. Ang balita ay pinabulaanan ni Tirona at naghitsurang palalo kaya nagalit ang supremo at siya'y tinutukan ng rebolber. Mabuti na lamang at naroroon si Nocon kaya namagitan ito sa dalawang nag-aaway. Ang pangayaring ito ay hindi matatanggihang nag-iwan sa dalawa ng galit sa isa't isa.

Ang sumunod namang pangyayari ay nang maghain ng panukalang palitan ang saligang batas ng katipunan na umiiral noon sa kapuluan. Ang gumawa ng nasabing konstitusyon ay si Edilberto Evangelista, isang Magdalo at ikinakampanyang pangulo ni Aguinaldo sakaling mabuo ang bagong pama-halaan. Ang sinulat na konstitusyon ay binasa ni Evangelista sa supremo at upang lubos na pag-usapan ng mga Katipunero ay nagpatawag ng kapulungan ang mga Magdalo na ginanap sa Imus. Nang ganapin ang pulong ay pinagtalunan ang pagpapalit ng konstitusyon at ang pag-iisa ng dalawang sanggunian sa Kabite dahil lubhang maliit ang lalawigan para sa dalawang sanggunian. Ang inisan ay muling nanukso nang dumating ang mga Magdiwang. Una, hindi man lamang nagbigay galang ang supremo sa mga nag-imbitang Magdalo. Nang dumating ang supremo kasama ang kabigan na mga Magdiwang ay hindi man lamang daw binati ni Baldomero Aguinaldo at karakarakan umupo sa harapan at pinaupo sa kanyang tabi si Mainam. Sa ginawing ito ng supremo ay tila nagpakita ng favoritismo kaya dagli namang umupo sa kabilang tabi sa Baldomero Aguinaldo kahit hindi inaanya-yahan. Ito'y nakagalit sa panig ng Magdalo dahil una, sila ang nagpatawag ng pulong kaya't nararapat lamang na sila ang mamuno sa naturang kapulungan. Ang ginawi ni Bonifacio ay nagpapakitang siya ang pinakamataas kahit saan dako man siya magtungo. Ikalawa, ang layunin ng pulong ay para mamagitan sa dalawang grupo hindi para panigan ang tiyuhi ng Supremo na si Mariano Alvarez.

Walang naging desisyon sa naturang kapulungan dahil sa kahit na sino'y ibig mamuno sa naturang kapulungan dahil sa kahit na sino'y ibig mamuno sa Kabite. Dagdag pa rito ay nakahinto din sa usapan ang pagdating ng mga kaanak ni Rizal tulad nina Josephine Bracken at Paciano Rizal. Bago matapos ang kapulungan ay sinabi ng supremo at inayunan naman ng lahat na siya'y magtatatag ng kamara lehislatura at siya ang mamimili ng mga tauhan sa naturang kamara. Hindi ito nagustuhan ng mga Magdalo sapagkat lumilitaw na si Bonifacio lamang ang nagdedesisyon. Sa kabilang dako nama'y masama rin ang loob ng supremo sapagkat iniutos niya sa mga Magdalo na itala

ang katitikan (minutes) ng mga naganap at napag-usapan sa pulong. Makailang ulti na hiningi ito ng supremo ngunit wala man lamang ibinibigay sa kanya.

Ang huli ay masasabi nating ang pagpapatay daw ng supremo sa tatlong pari na dinakip ng mga Magdalo. Ayon sa tala, ang tatlong paring ito, sina Padre Echegoyen, Cardenas at Piernavieja ay ipinadala ng mga Magdalo sa Magdiwang upang bantayan. Ang naturang mga pari ay tinrato raw ng mga Magdiwang partikular na ng magkakapatid na Bonifacio at Mariano Alvarez na parang mga hayop-pinhirapan at hindi binigyan ng makakain, at sa huli ay ipinapatay. Hindi ito nagustuhan ni Emilio Aguinaldo kaya't nagpalabas siya ng pahayag sa buong lalawigan na kinokondena ang pagpatay na ito at sinabing sina Bonifacio'y mga barbaro.

#### *Ang kaganapan sa Kumbensyong Teheros*

Dahil sa patuloy na pananalakay ng mga Kastila sa lalawigan ng Kabite ay maraming nakuhang lugar ang mga ito. Sa buwan ng Pebrero ay sinalakay ng mga Kastila ang Zapote, Bakoor at Kawit at napasok nila ang mga bayang ito nang mapabagsak nila ang mga depensa na ginawa ni Evangelista (napatay sa naturang labanan). Kaagad namang sinuyod ng kalaban ang Imus at Perez Dasmarinas na territoryo ng mga Magdalo. Ito ang dahilan kung kaya natawag ang pansin ng mga Magdiwang kaya nagpatawag ito ng pulong na ang layunin ay paghandaan ang pagdating ng mga kalaban sakaling bumagsak ang territoryo ng mga Magdalo. Ang nasabing pulong ay itinakda sa ika-21 ng Marso 1897 ngunit dahil sa matinding labanan sa mga bayan kung kaya't ipinapalibutan ang pulong sa sumunod na araw. Ang pulong ay ginanap sa Casa Hacienda de Tejeros, sakop ng Mapagtiis (San Francisco de Malabon, Hen. Trias sa ngayon) ang punong himpilan ng Magdiwang. Kinabukanan, Marso 22, 1897 ay halos napuno ang Casa Hacienda dahil sa daming taong dumalo. Ang pulong ay pinamunuan ni Jacinto Lumbrieras sapagka't siya'y tumatayong pansamantalang pangulo ng mga Magdiwang dahil si Mariano Alvarez (Mainam) ay maryoong karamdamman.

Nagsiupuan sa luklukan ng mesa ang mga nagsidalo. Sa dakong kana'y sina Jacinto Lumbresas, Andres Bonifacio, Mariano Alvarez, Pascual Alvarez, Ariston Villanueva, Mariano Trias, Diego Mojica, Emiliano Riego de Dios, Santiago Alvarez, Artemio Ricarte, Santos Nocon, Luciano San Miguel, Pablo Mojica, Severino de las Alas, at Santiago Rillo. Ang mga nabanggit ay pawang mga pinuno ng Magdiwang.

Sa panig naman ng mga Magdalo ay wawalo lamang ang pinunong nagsidalo kabilang sina Baldomero Aguinaldo, Crispulo Aguinaldo, Daniel Tirona, Cayetano Topacio, Antonio Montenegro, Licerio Topacio at iba pa. Ang karamihan naman ng mga dumalo ay nakatayo at nakapaikot sa nasabing mesa.

Binuksan ni Lumbresas ang kapulungan at kanyang ipinahayag na ang layunin ng pagpupulong ay pagtibayin ang pagtatanggol ng teritoryo ng Magdiwang sapagkat ito na lamang ang hindi pa napapasok ng kaaway. Kasunod nito ay humingi ng pahintulot na makapagsalita si Severino de las Alas na pinayagan naman. Aniya:

*Bago pag-usapan ang pagtatanggol sa munting bagay, kailangang unahin muna ang sa malaki; pag-usapan ang uri ng Pamahalaan kung ano at papaano?, at kung ito ang mapagpasyahan, ay siyang panggagalingan ng lahat ng kakailanganing kaayusan at lakas ng pagtatanggol.*

Sumagot naman sa naturang panukala ang pangulo ng pagpupulong na si Lumbresas. Aniya:

*Ang kapuluan ay pinamamahalaan na ng K.K.K. ng mga Anak ng Bayan, na siyang nagbukas ng paghihimagsik; may batas at alituntuning pinaiiral; sinusunod at ginagalang ng lahat sa pagtatanggol ng Kalayaan, pag-ibig sa mga kapatid, pag-aayos sa pamamalakd ng mga pamunuan. Ang hangad ng pulong na itinawag, pag-usapan ang lalong mabuting kapasyahan dapat itibay ng Pamahalaang Magdiwang sa*

*mga kaaway, ng huwag maagawan ng himpilan ang hukbo ng Katipunan, sapagkat ang Magdalo ay napapawi na sa guhit ng kabayanahan.*

Pagkatapos ng kasagutan ni Lumbresas ay humingi naman ng pahintulot na maka-pagsalita ang supremo ng Katipunan na pinagbigyan naman. Idinugtong niya sa kasagutan ni Lumbresas na:

*Ang kahulugan ng K sa bandila ng paghihimagsik na nakasulat sa gitna ng araw ay Kalayaan.*

*Sumagot naman si de las Alas na hindi mahihinuha sa K ng bandila ang uri ng pamahalaang naghihimagsik kung ito'y makabayan o makahari.*

*Tumugon naman ang supremo Andres na mula sa kataastaasang pamunuan ng Katipunan, hanggang sa kababababaan, ay nagkakaisang gumagalang sa pagkapatiran at pagkakapantay-pantay; namumuhunan ng dugo at buhay laban sa hari, upang makapagtataas ng sarili at malayang pamahalaan, na samaka-tuwid, ay mamamahala ang bayan sa bayan, at hindi ang isa o dalawang tao lamang.*

Pagkatapos magsalita ng supremo ay humingi naman ng pahintulot na magsalita si Antonio Montenegro (nasa panig ng Magdalo at taga-Maynila) at sumegunda sa sinabi ni de las Alas. Aniya:

*Kung di mapagpapasyahan ang isang lalong nararapat na pamunuan ng paghihimagsik, at magpapatuloy ang kasalukuyang kalagyan, tayong lahat na manghihimagsik ay magiging katulad lamang ng isang pangkat na tulisan o kaya'y mga hayop na walang isip at maninibasib.*

Ang pahayag na ito ni Montenegro ay sinagot naman ni Santiago Alvarez, na dagling tumayo, tinitigan ng matalim ang nagpahayag at galit na sinabing:

*Kaming mga Katipunang napapailalim at gumagalang sa Kataastaasang Sanggunian ng mga Anak ng Bayan, na nagtatanggol at sumasako sa mga pamahalaang Magdiwang at Magdalang Kabite, ay mga tunay na manghihimagsik sa pagtatanggol ng kalayaan ng bayang tinubuan. Hindi mga tulisan sa pangangagaw ng di kanyang pag-aari at kayamanan, at hindi rin maaaring matulad sa hayop, sapagkat marunong kumupkop at magtanggol sa kapwa, lalo sa mga dito'y nanganganlong lamang; may isip at hindi humihiya sa mga nagsasalitang matapang, ngunit walang nagagawa. Kung ibig mapairal ang ibang uring pamahalaan, ayon sa inyong isipan; tulad sa aming ginawa, umuwi at agawin ninyo sa Kastila ang inyong lalawigan, saka gawin ang inyong minamarapat, at huwag papanghimasan sa mga duwag na manunu-luyan, na maaaring mag-ukol sa nyo ng mga salitang tulisan at hayop, at upang tayo'y masiyahan, kayo'y muna'y aking dinadakip.*

Di kawasa'y pinabantayan ni Hen. Apoy (Santiago Alvarez) ang nasabing Montenegro sa kawal ni Komandante Fojas. Nagmungkahi naman ang kaanak ni Dr. Rizal (Josephine at Trinidad) na sa kanila lamang ipagkatiwala ang nasabing Montenegro sapagkat sa bahay Hacienda ng Teheros din naman sila nanahan. Sumang-ayon dito ang Hen. Apoy ngunit dahil kanyang pananalita ay nagkaroon ng tensyon sa magkabilang panig. Parehong handa sa anumang magaganap. Dahil dito kaya nahinto ang pagpupulong.

Pagkatapos mapayapa ang lahat ay nagmungkahi ang supremo Andres na ituloy ang pagpupulong. Dito'y hindi sumang-ayon ang nangungulong si Lumbres sapagkat aniya ay hindi iyon ang layunin ng ipinatawag na pulong kundi ang pagtatanggol ng mga bayan sa Kabite. Kung itutuloy ang pangpupulong na ang layon ay ang pagkakaroon ng pamahalaan ng Himagsikan ay hindi siya ang dapat mamuno kundi ang supremo ng Katipunan. Ang pahayag ni Lumbres ay sinang-ayunan ng lahat kaya

itinuloy ang pagpupulong at si Andres Bonifacio na ang nangungulo.

Nang itinuloy ang pulong ay nagsalita ang supremo:

*Yayamang ang hangad ninyo ay magbangon ng ibang pamunuan pamkalahatan ng KKK ng mga A.N.B., at pawalan ng bisa ang pinagtibay ng pulong sa bahay-asyenda ng Imus, sa pagbabangon lamang ng mga batas na dapat pairalin; Ako, sa aking pagkapresidente at supremo ng K.K.K. ng mga A.N.B., ay sumasang-ayon at sumusunod sa inyong kahilingan, datapwa't inaanya-yahan ko ang lahat, na tayo'y kumilala at gumalang sa mga wastong gawain ng ating kakayahan at karapatan, sa pulong na ito at sa lahat ng pulong; ating pagpitaganan, pahalagahan at sundin ang kapasyahan ng marami.*

Sumang-ayon ang lahat at kanilang isinigaw ang Republica Filipina. Kasunod nito ay napagyayunan ang paghahalal ng siyam na tungkulin na kinabibilangan ng Pangulo, Pangalawang Pangulo, kapitan heneral, at kalihim panloob.

Nang sisimulan na ang halalan ay muling nagsalita ang pangulo ng kapulungan na si Andres Bonifacio at kanyang inihayag na ang mahahalal sa dami ng boto ay siyang susundin, at igagalang ng lahat, maging anuman ang abot ng pinag-aranan o hanapbhay, kailanma't di taksil sa karangalan ng lahat.

Tinugon siya ng ilang sigawang Ganyan, pantay-pantay; walang mababa at walang mataas; maghari ang ibigin ng bayan.

Itinalaga ng pinuno ng kapulungan si Artemio Ricarte bilang kalihim ng pulong. Pagkatapo nito ay ipinamigay na ang mga papel na susulatan ng kanilang boto.

Sa pagkapangulo ay nanalo si Emilio Aguinaldo kay Andres Bonifacio. Ipinagbunyi ng lahat ang resulta sa pamamagitan ng hiyawang mabuhay. Kasunod nito ay nagsalita na si de las Alas na

yaman din lamang na pumangalawa sa dami ng boto si Bonifacio ay siya na lamang ang gawing pangalawang pangulo. Walang tumugon sa munghaki kaya inihayag ni Andres Bonifacio ang pagpapatuloy ng halalan. Sa pangalawang pangulo ay naglaban sa posisyon sina Andres Bonifacio, Mariano Trias, Mariano Alvarez at si Séverino de las Alas. Sa ikalawang pagkakataon ay natalo ang supremo at nagwagi si Mariano Trias. Isinunod kaagad ang paghahalal ng kapitan heneral at nanalo sa posisyon si Artemio Ricarte. Tumanggi ito sa kanyang pagkakahalal at nangatwirang kulang ang kanyang kakayahang para sa nasabing posisyon. Sa huli ay pumayag din dahil sa kagustuhan ng kapulungan.

Pagkatapos ng pagbubunyi sa kahahalal na kapitan heneral ay nagmungkahi si Hen. Baldomero Aguinaldo na ipagpatuloy na ang halalan at upang hindi na abutin ng gabi ay pumanig na lamang sa isang tabi ang hindi umaayon sa tungkulin sa kabilang tabi naman ang umaayon upang sa ganoo'y madali ang bilangan. Ang lahat ay umayon kaya ang mga sumunod na posisyon ay isinagawa sa ganitong sistema.

Sa kalihim pandigma ay nanalo si Emilio de Dios laban kina Santiago Alvarez, Ariston Villanueva at Daniel Tirona. Pagkatapos papurihan ay isinunod na ang kalihim Panloob kung saan naglaban sina Andres Bonifacio at Mariano Alvarez. Lumabas na nanalo sa naturang posisyon si Andres Bonifacio kaya siya'y pinagbunyi din ng mga nahalal. Sa gitna ng papuring ito ay humingi ng pahintulot si Daniel Tirona na makapagsalita at aniya:

*Mga kapatid, ang tungkulin director del interior ay totoong malaki at maselan, at hindi maaaring hawakan ng hindi abogado. Mayroon dito sa ating isang abogado, siya'y si G. Jose del Rosario, kaya'y ating tutulan ang katatapos pang nahalal, na walang anumang katibayan ng pinag-aralan.*

Pagkatapos ay buong lakas niyang isinigaw ang paghahalal kay Jose del Rosario. Dahil sa ginawing ito ni Daniel kaya tumindig ang nahalal na Andres Bonifacio at nagsalita:

*Ating pinagkaisahang igagalang ang kapasyahan ng marami sa paghahalalan, maukol sa anumang uri ng kalayagan ang taong minarapat na bigyan ng anumang tungkulon o mapahalal. Dahil dito, hinihingi ko sa inyo, G. Daniel Tirona, na bawiin sa kapulungan ito ang iyong ipinahayag, at bigyang-karangalan ang sinirang-puri ng manghahahal at ng nahalal.*

Pagkatapos magpahayag ay binunot ang kanyang rebolber at itinutok sa nasabing Tirona ngunit imbes na bawiin ang kanyang sinabi ay nagpawala ito sa mga naroroon. Ang kalihim ng pulong ay agad namang hinawakan ang kamay ni Andres Bonifacio upang hindi maituloy ang pagputok nito. Naglulo ang lahat at dahil sa nawala ang kapayapaan at nagsalita ang supremo:

*Ako sa pagkapangulo nitong kapulungan, at sa pagkapresidente supremo ng K.K.K. ng A.N.B., na kilala sa talastas ng lahat, ipinahahayag kong lansag at walang kabuluhan ang lahat ng bagay na pinagkayarian at pinagtibay sa pulong na ito.*

Pagkatapos magsalita ay nilisan ng supremo ang lugar kasama ang mga kabig nito.

#### *Mga interpretasyon ukol sa Kumbensyon*

Dahil sa kakupusan ng mababasa o datos kung ano nga ba talaga ang dahilan sa pagkakagulo ng naturang pulong ay naging palaisipan sa mga historyador. Upang maipaliwanag ito ay naghain ng iba't ibang interpretasyon na makakasagot sa mga naging suliranin sa kumbensyon.

#### **A. Rehiyonalismo**

Ang pagiging rehiyonalistiko ay sinasabing umiral sa kumbensyon sapagkat kaya raw nanalo si Emilio Aguinaldo bilang pangulo ay dahil sa mga alsa-balutan ng mga taga-Batangas na pinamumunuan ni Santiago Rillo. Si Rillo ay isang Magdiwang ngunit bagama't kapangkat ni Andres Bonifacio ay hindi boboto ito sapagkat ang supremo'y taga-Maynila. Wika

nga'y higit na panatag ang loob ng mga Batangenyong sa Kabitengyo kung ang mamumuno sa kanila ay katulad nila ang kulturang kinagisnan. Sa puntong ito ay ang kultura ng timog Katagalugan. Sa pagkapangulo ay tatlo lamang ang naglaban, sina Emilio Aguinaldo, Andres Bonifacio at Mariano Trias. Samakatwid dalawang taga-timog Luzon at isang taga-Maynila.

#### B. Pagiging kilala o popular

Bagama't ang karamihan ng mga nagsidalo sa kumbensyon ay mga Magdiwang at ginanap ito sa Teheros na nasa territoryo ng Magdiwang, ay hindi garantiya na makukuha nila ang lahat ng boto sa kumbensyon. Ito sa dahilang higit na kilala sa buong lalawign ng Kabite ang kabayanihang ginawa ni Emilio Aguinaldo sa mga labanan kaysa kay Andres Bonifacio na kasasalta lamang sa Kabite at napabalita pang isang masamang tao kaya hindi dapat igalang. Nakita rin na marami sa mga Magdiwang ang pumanig sa bandang huli sa mga Magdalo dahil ang kanilang identipikasyon ay kay Aguinaldo.

#### K. Pagkiling sa kababayan

Ito raw ang nagpanalo kay Aguinaldo bilang pangulo, ang pagkiling kababayan ng kandidato o Cavitismo. Si Andres Bonifacio ay isa lamang dayo sa Kabite kaya ang sentimyento ng tao ay nasa kanilang kababayan, kilala man nila ito o hindi. Sa halalan sa ngayon ay kadalasang nangyayari na kung saan lumaki ang isang kandidato ay doon siya nakakakuha ng maraming boto. Ito marahil ay isang dahilan ng pagkatalo ni Andres Bonifacio.

#### D. Kamag-anak

Sa pag-aaral ni Dr. Isagani R. Medina ay napagtanto niya na ang mga Magdalo at Magdiwang ay magkakadugo magama't malalayo na ang relasyon sa isa't isa. Gayunpaman ay pinanaig daw nito sa halalan ang pagiging kamag-anak ng inihahalal kaya

nanalo si Emilio Aguinaldo. Si Andres Bonifacio ay hindi naman kasama sa kaanak na ito kundi naging malapit lamang kay Mariano Alvarez dahil sa tiyuhi nito ng kanyang asawang si Gregoria de Jesus.

#### E. Mga halagahan Pilipino (Filipino values system)

Batay sa nabanggit sa unahan ng papel na ito ay mahihinuha na ang dahilan ng hindi pagiging popular ni Andres Bonifacio ay ang kanyang hindi pagpapahalaga sa mga gawain ng mga Magdalo. Kung mapaniniwalaan natin ang kumalat na sulat laban sa supremo ay lumilitaw na bumagsak ang kanyang populariad (bilang supremo ng KKK) dahil kinondena ang kanyang mga gawain ng mamamayan. Dagdag pa rito ang sinasabing arogante ng supremo at pagtingin sa sariling siya lamang ang susundin ng bayan. Ito rin ang naging suliranin sa panig ng mga Magdalo na hindi man lamang pinahalagahan ang pagkasupremo ng Katipunan ni Andres Bonifacio.

#### G. Ilustrado

Sa pagtingin ni Renato Constantino, ito ang naging dahilan ng pagbagsak ng halalan. Ang gulo ay hindi mangyayari kung hindi kinuwesyon ang pagkawalang edukasyon ng supremo. Ang halalan daw sa Teheros ay isa lamang simbolismo ng pagkokontrol ng mga elitista panglalawigan.

#### Paglalagom

Ang kaguluhan sa Kumbensyon ay mauugat natin sa mga pangyayari bago ito naganap. Maliwanang na ang magkabilang kampo ng Magdalo at Magdiwang ay nagpaligsahan para makuhang pamunuan ng himagsikan. At dahil sa kakapusang datos upang maipaliwanag ang naturang pangyayari ay maraming interpretasyon ang sumulpot na nakapagbibigay ng idea sa mga mag-aaral ng kasaysayan. \*

## Bibliogapiya

- Achutegui, Pedro & Miguel Bernard. *Aguinaldo and the Revolution of 1896 A Documentary History*. Quezon City: Ateneo de Manila Press, 1972.
- Agoncillo, Teodoro. *The Revolt of the Masses*. Quezon City: University of the Philippines Press, 1963.
- \_\_\_\_ & S.V. Epistola. *The Writings and Trial of Andres Bonifacio*. Quezon City, 1963.
- Aguinaldo, Emilio. *Mga Gunita ng Himagsikan. Inilathala ni Cristina Aguinaldo Suntay noong 1964*.
- Alip, Euornio. *In the Days of Gen. Emilio Aguinaldo*. Manila: Alip and Sons, Inc. 1969.
- Alvarez, Santiago. *Ang Katipunan at ang Paghihimagsik*. Quezon City: Ateneo de Manila Press, 1992.  
Isinalin sa ingles ni Paula Carolina Malay.
- Constantino, Renato. *The Philippines: A Past Revisited*. Quezon City. 6<sup>th</sup> printing (1980).
- De Ocampo, Esteban. *The Life and Achievements of Bonifacio*. Manila: Philippine Historical Association's Historical Bulletin, December 1966.
- Dery, Luis C. *The Army of the First Philippine Republic and other Historical Essays*. Manila: De La Salle University Press, 1995.
- Kalaw, Teodoro. *Ang Himagsikang Pilipino*. Manila: National Historical Institute, 1989.
- Mabini, Apolinario. *The Philipine Revolution*. Manila: National Historical Commission, 1969. (trans. By L.M. Guerrero)
- Medina, Isagani (ed.). *Ilang Talata Tungkol sa Paghihimagsik Nang 1896-97 sinulat ni Carlos Ronquillo y Valdez*. Quezon City: University of the Philippines Press, 1996.
- National Historical Institute. *Filipinos in History*. Manila, 1991.  
\_\_\_\_\_. *Minutes of the Katipunan*. Manila, 1978.
- Quirino, Carlos. *The Young Aguinaldo*. Manila: Regal Printing Press, 1969.
- Ricarte, Artemio. *Himagsikan ng mga Pilipino Laban sa Kastila*. Hokohama, Japan. 1927.
- Santos, Jose P. *Nag Mahiwagang Pagkakapatay kay Andres Bonifacio*. Gerona Tarlac, 1935.
- Saulo, Alfredo. *Eulio Aguinaldo Generalissimo and President of the First Philippine Republic - First Republic in Asia*. Quezon City. Phoenix Press, Inc., 1995. 2<sup>nd</sup> printing.  
\_\_\_\_\_. *General Baldomero Aguinaldo: Magdalo President and Secretary of War, First Philippine Republic*. A published pamphlet distributed at the Baldomero Shrine in Kawit. No date of publication.
- \_\_\_\_\_. *The Truth About Aguinaldo and other Heroes*. Quezon City: Phoenix Publishing House, Inc., 1987.
- Taylor, John R.M. *The Philippine Insurrection Against the United States A Compilation of Documents with Notes and Introduction*. Pasay: Eugenio Lopez Foundation, 1971.
- Zaide, Gregorio. *The Philippine Revolution*. Manila: The Modern Book Company, 1968.

# **ANG KABAYANIHAN sa LABAS ng BAYAN:**

## ***Ang Buhay at Pamumuhay ng mga Rebolusyonaryo sa Ibang Bansa***

**RONALDO B. MACTAL<sup>1</sup>**

*Sa kasalukuyan, ang paksang binibigyan ng diin ukol sa revolución ay ang papel o kontribusyon nito sa pagbubuo ng bansa. Ipinalalaganap ang kaisipan na ang Revolución Pilipino ng 1896 ay isang pambansang pag-aalsa laban sa mga kolonyalistang Espanyol at sa ikalawang bahagi, laban sa imperyalistang Amerikano. Binubuwag nito ang lumang kaisipan na ang revolución ay naganap lamang sa unang walong probinsya na unang nag-aklas laban sa Pamahalaang Espanyol kundi sa halip ang revolución ay naganap sa buong Pilipinas mula Batanes hanggang sa Jolo at ang lahat ng Pilipino, bata o matanda, magsasaka, pamayanang katutubo, manggagawa, kababaihan, kabataan at maging ano mang sektor o sinuman ay kasangkot dito.*

*Ngunit sa mga pag-aaral na nabanggit, nalimita ang Revolución Pilipino bilang isang panloob na kaganapan lamang sa bansang Pilipinas. Maliban sa pambansang katangian ng Revolución 1896, ito ay maituturing na may ekstensyon din sa labas ng Pilipinas. Ang ilang mga pangyayari sa panahon ng revolución ay nagbunsod upang magkaroon ng katangiang pandaigdig ang Revolución Pilipino: magkaroon ng mga pangyayari sa panahon ng revolución na naganap sa ibang bansa.*

Ito ang pagtutuunan ng pansin ng pag-aaral na ito: ang paglalahad at pagsusuri sa ilang mga kaganapan sa panahon ng revolución sa labas ng Pilipinas. Ang mga kaganapang ito sa ibang bansa ay maituturing na ekstensyon o karugtong ng mga pangyayari sa loob ng Pilipinas. Maaaring mahati ang naging pakikibaka at gawain ng mga revolucionario sa ibang bansa sa panahon ng revolución sa tatlong yugto o panahon. Ang unang yugto ay maituturing na ang pakikibaka bago ang Hong Kong Junta (Disyembre 1896–Pebrero 1898), ang ikalawang yugto ay ang panahon ng Hong Kong Junta (Pebrero 1898–Agosto 10, 1898), at ang ikatlong panahon ay ang panahon ng Comité Central Filipino (Agosto 10, 1898–Hulyo 1903).

Sa lubusang ikauunawa ng mga haka-haka ukol sa sinasabing pagbebenta ng revolución sa halagang P800,000, mahalagang makita at masuri ang naging pamumuhay ng mga Revolucionaryong nagtungo sa Hong Kong bilang pagtupad sa Kasunduan ng Biak-na-Bato. Susuriin sa papel na ito ang mga pinagkagastusan ng mga Revolucionary sa Hong Kong. Ipakikita sa pamamagitan ng kanilang mga pang-araw-araw na gastos kung sila lamang ba ay nagpapasaraap sa Hong Kong at nilustay ang salapi ng revolución.

Sa papel ring ito tatalakayin ang naging pamumuhay at paggastos ng mga kinatawan ng Pilipinas sa iba't ibang bansa sa panahon ng Comité Central Filipino. Aalamin din kung

<sup>1</sup>Si Dr. Ronaldo B. Mactal ay nagtuturo sa De La Salle University.

tunay bang pagpapakasakit ang kanilang ginawa o pagliliwaliw lamang katulad ng ginagawa ng maraming mga diplomatiko at mga konsul ng Pilipinas sa kasalukuyan.

Ang pag-aaral ay maituturing na kakaiba dahil ang pagtutuunan ng pansin ay hindi ang mga gawain ng mga rebolusyonaryo sa ibang bansa na may kaugnayan sa kanilang opisyal na responsibilidad o tungkulin. Sa pag-aaral na ito, ang pagtutuunan ng pansin ay ang naging pamumuhay ng mga rebolusyonaryo sa ibang bansa. Pagtutuunan ang iba't ibang pinagkaka-abalahan nila sa ibang bansa, mga bagay na kanilang pinagkagastusan, at ang naging pakikipag-ugnayan o relasyon ng bawa't isa sa kanilang kapwa rebolusyonaryo.

Pagtutuunan din sa pag-aaral na ito ang naging pagsasakripisyong pagtitiis ng mga rebolusyonaryo habang naninirahan sa dayuhang lupain. Susuriin din ang mga naging pakikiangkop (coping mechanism) ng mga rebolusyonaryo sa isang sitwasyon na kanilang kinasapitan: malayo sa pamilya at nagkakagulo at walang katatagan ang bansang pinag-iwanan, salat at may matinding kakulangang pinansyal at sa mga materyal na bagay, at higit sa lahat sila'y nasa dayuhang lupain na iba ang klima, pamumuhay, wika at kultura ng mga tao. Sa papel na ito, bibigyan ng pagsusuri ang naging karakter, katangian o di kaya'y emosyong lumabas sa isang Rebolusyonaryong Filipino sa gitna ng ganitong kondisyon.

Matapos ang pag-aaral na ito, hinahangad na maipaunawa sa lahat ng Filipino ang isang uri o halimbawa ng kabayanihan ng ilang mga Filipino sa labas ng bayan sa panahon ng rebolusyon. Ang kabayanihang ito ay bunga ng pagtitiis at pagsasakripisyong mawalay sa pamilya, sa bansa, at ang ilan ay tinalikuran ang maginhawang pamumuhay upang maiparinig lamang ang mga hangaring makalaya ang mga Filipino sa mga mamamayan, pamahalaan at bansa sa mundo.

Ang naging buhay at pamumuhay ng mga rebolusyonaryo sa ibang bansa ay hahatiin sa dalawang bahagi. Ang naging pamumuhay ng mga rebolusyonaryong kasama ni Aguinaldo na naipatapon bilang pagsunod sa Kasunduan sa

Biak-na-Bato at ito ay maituturing na panahon ng Hong Kong Junta. Samantala, ihihiwalay ang paglalarawan at pagsusuri sa naging buhay at pamumuhay ng mga kinatawan sa iba't-ibang bansa dahil kakaiba naman ang kanilang naging mga karanasan at kalagayan.

#### *Ang buhay at pamumuhay ng mga rebolusyonaryo sa panahon ng Hong Kong Junta*

Matapos na matanggap ni Emilio Aguinaldo ang paunang bayad ng Espanya na P400,000 ayon sa isinasaad ng Kasunduan sa Biak-na-Bato, kaagad niya itong idineposito sa dalawang bangko sa kanyang pangalan at mga kamaahan niyang rebolusyonaryo. Sa pagpupulong ng mga rebolusyonaro noong Enero 9, napagkasunduang hindi gagalawin ang mga naka-lagak sa bangko at ang tanging gagastusin lamang para sa kanilang pang-araw-araw na pangangailangan ay ang tubo nito na umabot lamang ng P12,000 bawat taon.

Nang mabalitaan ng mga Rebolusyonaryo sa Hong Kong ang ginawang paghahatihi ng mga naiwang Rebolusyonaryo sa Pilipinas ng ikalawang hulog ng bayad-pinsala ng Espanya na P200,000, napagkasunduan sa pagpupulong noong Pebrero 14, 1898 na ilagay sa pamamahala at pagkontrol ni Aguinaldo ang mga salaping nakadeposito ng rebolusyon at ang mga panggastos ng lahat ng kasapi ay nasa kanyang pagsang-ayon.

Sa buong panahon ng pananatili ng *Hong Kong Junta* mula Enero hanggang Mayo 1898, hindi bababa sa 65 ang naging kasapi nito. Hindi pa kasama rito ang pamilya ng ilang tulad ni Miguel Malvar at ni Mariano Llanera na kasama ang dalawang batang anak nito.

Napakahirap isipin kung paano namuhay ang mga nasabing rebolusyonaryo. Sila ay nagsiksikan sa dalawang bahay sa Daang Morrison Hill, Victoria na inupahan ng P50 bawat buwan at nagsilbing tirahan ng lahat, kasama ang pamilya ng ilan. Ang isa sa nasabing bahay, ang *Greenmount House* ay nagsilbi ring tanggapan o himpilan ng mga rebolusyonaryo sa Hong Kong. Samantala, ang rebolusyonaryo na nais manirahan sa ibang lugar ay pinagkalooban

lamang ng P12 pensyon o panggastos bawat buwan. Bunga nito, halos lahat ng mga kasamahan ni Aguinaldo ay naninirahan sa dalawang bahay na inupahan ng Hong Kong Junta dahil sa di maaaring magkasya ang P12 para sa pang-araw-araw na panggastos ng bawat kasapi sa loob ng isang buwan.<sup>3</sup>

Ang tanging pinakalooban lamang ng P12 pensyon bawat buwan ay ang mga kasamahan ni Aguinaldo matapos lagdaan ang Kasunduan sa Biak-na-Bato. Ang mga dati nang naninirahan sa Hong Kong ay hindi nakatanggap ng tulong ukol sa pananalapi sa *Hong Kong Junta* kahit na anong dahilan ng kanilang pananatili sa Hong Kong. May mga kasamahan din si Aguinaldo na nakaririwasa na humiwalay ng tirahan bunga ng nakakaawang kalagayan sa tirahan ng mga kasapi ng Hong Kong Junta tulad ng mga pamilyang Tinio, Natividad at Alejandrino.

Ang karamihan ng mga rebolusyonaryong kasama ni Aguinaldo sa Hong Kong ay namuhay sa nakakaawang kalagayan lalo na iyong mga may kasamang pamilya. Sila ay nagtiis sa lamig tuwing Disyembre hanggang Pebrero ay tag-lamig sa Hong Kong at dahil sa marami sa kanila'y walang mga dalang damit, ibinili na lamang ni Aguinaldo ang bawat isa ng ternong lana (wooden suit) at sombrero na magbibigay proteksyon sa kanila sa lamig at upang makatipid sa labada. Narito ang paglalarawan na nakakaawang kalagayan ng karamihan sa kanila:

*Ang mga rebolusyonaryo ay dumating ng Disyembre at sa kadahilanang may kakulangan sila sa pananamit at ang klima ay malamig sa nasabing pulo ang bawat isa ay binilhan ng tig-iisang ternong lana at isang gora. Ang ternong lana ayon sa kanila ay may bentaheng proteksyon sa kanila laban sa lamig at ito ay higit na ekonomikal dahil ito ay tipid sa gastusin sa pagpapalaba.<sup>3</sup>*

<sup>3</sup>Jose Alejandrino, *The Fight of Freedom: Episodes and Anecdotes of Our Struggles for Freedom* (Manila: M. Colcol and Co., 1949), pp. 81-82.

<sup>4</sup>Alejandrino, p. 82.

Ang talaan ng mga ginastos (*list of expenses*) ng mga kagawad ng *Junta* mula Enero 6, 1898 hanggang Mayo 10, 1898 na matatagpuan sa Rolyo 8 ng *Philippine Revolutionary Papers* ang maglalarawan sa pinakagastusan ng mga rebolusyonaryo sa ilang bansa. Kapunapuna na ang pinakamalaking pinakagastusan ay ang pananamit laluna ang kamiseta at trahe. Kapansinpansin din na may paggasta sa pantalon, kalsonsilyo, sapatos, kurbata (corbata), botones, medyas, panyolito, guwantes, sombrero, tsinelas at sinturon.<sup>4</sup>

Ang malaking paggastos na ito sa pananamit ay bunga ng kalagayang ang mga rebolusyonaryong nakasama sa Hong Kong ay hindi na halos nakauwi sa kanilang mga bahay upang kumuha ng kagamitan at mula sa Biak-na-Bato ay dumiretso na ng Hong Kong. Ang isa pang dahilan ay ang kakaibang klima na napakalamig noong mga unang buwan ng kanilang pamamalagi sa nasabing lugar. Kapansinpansin na sa mga unang araw pa lamang ng kanilang pamamalagi ay halos mga kasuotan ang pinakagastusan dahil marahil walang kadaladlang damit ang ilan o kung may dala man ay hindi umaangkop sa napakalamig na klima sa Hong Kong. Noong Enero 5, ang *Hong Kong Junta* ay gumastos ng P64.60 para sa kasuotan tulad ng kamisa, kurbata at terno upang ipamahagi sa ilang mga Rebolusyonaryo. Narito ang detalye ng nasabing gastusin at kung kangino napunta ang mga kasuotan at ang halaga nito:

Benito Natividad			
2 kamisa		2.80	
1 kurbata		1.00	3.80
Joaquin Natividad			
1 pares na kamisa		2.80	
Lino Viola			
tatlong pares ng kamisa		4.20	
Maximo Kabigting			
dalawang pares ng kamisa			2.80
Manuel Tinio			
dalawang pares ng kamisa			2.80

<sup>4</sup>Alejandrino, p. 83.

Gregorio del Pilar		
dalawang pares ng kamisa	2.80	
Wenceslao Viniegra		
dalawang pares ng kamisa	2.80	
Tomas Mascardo		
dalawang pares ng kamisa	2.80	
Celestino Aragon		
1 pares ng trahe (terno)	10.00	
Agustin de la Rosa		
1 pares ng trahe (terno)	10.00	
	44.80	
Joaquin Alejandrino		
isang pares na may kulay na terno	17.00	
dalawang pares ng kamisa	2.80	
	19.80	
	P64.60	

Ang sumunod na malaking pinakagastusan ay ang mga pang-araw-araw na pangangailangan sa bahay. Masasabing ang mga gastusing ito ay karaniwang binubuo lamang ng pamalengke para sa pagkain ng mga rebolusyonaryo sa araw-araw. Walang malinaw na eksaktong halaga ang ginastos ng mga rebolusyonaryo sa isang araw o maging sa loob ng isang buwan. Ngunit masasabi na kinukulang ang panggastos sa isang buwan dahil sa listahan ng mga gastos ng Pebrero 10 ay may nakalistang gastusin na nagkahahalaga ng \$6.24 bilang kapupunan sa pagkain sa buwang ito. Mahihinuha na hindi pa man nangangalahati ang buwan ay kina-kapos na ang badyet sa pagkain para sa buong buwan at kinakailangan ng punuan o dagdagan. Maraming mga gastusin na pang-araw-araw sa bahay na nakatala lamang bilang mga gastos na pangkaraniwan sa bahay (*gastos de ordinarios de casa*) o di kaya ay mga gastos sa bahay (*gastos de casa*) at ang mga ito'y pangkaraniwang nagkakahalaga ng mula \$.60 hanggang \$4. May mga nakalista din naman na mga ginastos para sa mga kagamitan sa kusina (*por varios utensilos de casa*) na nagkahalaga ang pinakamalaki ng \$13.60 samantalang may ilang hiwalay na kasangkapan sa kusina na nakalista tulad ng kaldero (\$2.50).

Ang ilan pa ng maituturing na pang-araw-araw na gastos sa bahay na hiwalay na nakalista ay ang posporo (\$.30), kape (isang lata, \$.65), bigas (karaniwan ang halaga ay \$4.50 ngunit hindi nakalagay kung ano ang ginamit na panukat), dalanghita (\$.10, \$.20), sabon (\$.80), sabonera/jabonera (\$.40), kendi (\$1.00; \$1.25), keso, iba't-ibang prutas (*varios frutas de casa*, \$2.50), petrolyo at kahoy. Gumastos din ang mga rebolusyonaryo para sa ilang serbisyo tulad ng pagpapalaba ng damit na magkakaiba rin ang halaga tulad ng \$1.50 para sa isang tao, \$1.70 para sa anim at \$9.65 para sa lahat. Marahil ang pagkakaiba ng presyo sa pagpapalaba ay ayon sa damit na pinalalabhan. Ang ilang pa sa serbisyong kanilang pinakagastusan ay ang bayad sa kargador na ang karaniwang halaga ay \$1 at ang pagpapatahi ng damit nina Alejandro Samaniego at Anastacio Francisco na ang halaga ay \$2.50 bawat kasuotan.

Ang ikatlong malaking pinakagastusan ng mga rebolusyonaryo sa Hong Kong ay maituturing na personal na kagamitan ng ilang kasapi tulad ng sepilyo (\$.90 ang tatlong piraso), tabako (\$.55), lalagyan ng tabako (*cajoncito de tabaco*, \$1.80), baul na lalagyan ng damit na ang karaniwang halaga ay mula \$3.00 hanggang \$3.07 (higit na mura ang lalagyan ng papeles na \$1.60 lamang), salamin sa mata para kay Silvestre Legaspi (\$1), tsinelas (\$.30), abaniko, kunot (ang halaga ng tatlo ay \$11.35 at ito'y napunta kina Pedro Aguinaldo, Wenceslao Viniegra, at Pedro Francisco) at mayroon ding bumili ng relo tulad nina Antonio Montenegro (\$6.50) at Tomas Mascardo (\$10). Maliban pa rito, may gastusin rin para sa tuwalya (\$2 ang anim na piraso) at susi ng baul para kay Wenceslao Viniegra (\$.30). Samantala, may ilan ding gastusin para sa letrato o pagpapakuha ng larawan na ang presyo ay maaaring \$2.50 para sa isahan (ginastos ni Aguinaldo) at maaaring umabot ang halaga ng hanggang \$24 para sa pagpapaletrato ng magkakasama tulad ng nagastos nina Antonio Carlos, Salvador Estrella, Emilio Aguinaldo, Agapito Bonzon, Mariano Llanera at Silvestre Legaspi. Samantala mayroon din namang gastusin sa pagpapakuha ng larawang naka-grupo na binubuo ng anim na katao ay gumastos lamang ng \$4.50.

Isang pinagkagastusan ng mga rebolusyonaryo ang nakatatawag pansiñ: ang *\$10 na ambagan ng 20 mag-aaral para kay Brebot* (?). Nakatutuwang isipin na sa kabilang paghihikahos at kakulangang pinansyal ay nagawa pang tumulong ng ilang mga rebolusyonaryo. Masa-sabing para sa mga tunay na bayani ang kahirapan ay hindi hadlang upang tumulong sa kapwa at sa sinumang mga nangangailangan. Ang gastusin ding ito ay magbibigay liwanag sa mga ginawa ng ilang mga rebolusyonaryo sa Hongkong: ang ilan sa mga kanila ay sinamantalang mag-aral. Isang patunay na may mga mag-aaral ay ang nakalistang gastusin *para sa kwaderno* (cuaderno) ng *apat na mag-aaral* na nagkalahagang \$.60. Ang mga nasabing rebolusyonaryo na gumastos para sa kwaderno ay sina Gregorio del Pilar, Emilio Aguinaldo, Wenceslao Viniegra at Anastacio Francisco. May ilan din sa mga rebolusyonaryo ang nag-aral ng mga wikang dayuhan at mapapansin sa mga gastusin ang pagbili ng mga pangangailangan ukol dito tulad ng mga sumusunod:

Aklat ukol sa Usapang Prances <i>Libro de Conversacion de</i>	
<i>Frances</i>	\$1.20
Diksyonaryong Prances at Espanyol <i>Diccionario Frances y Espanol</i>	\$6.65
Diksyonaryong Ingles para kay Makapagal	
<i>Diccionario Ingles para</i>	
<i>Macapagal</i>	\$1.50
Aklat ukol sa Balarila <i>Libro Gramatica</i>	\$4.50

Pinasisinungalingan ng listahan ng mga pinagkagastusan ng mga rebolusyonaryo sa Hong Kong na sila ay nagpasarap at nilustay lamang ang salapi ng rebolusyon. Malinaw na pinag-ingatan nila ang salapi ng rebolusyon at lahat ng sentimo ay kanilang inilista. Ang paglilistang ito ng lahat ng gastusin ng mga rebolusyonaryo ay bunga ng paniniwala na ang salaping kanilang ginagastos ay hindi kanilang pansariling pagmamay-ari kundi ito ay pag-aari ng bayan at dapat pag-ingatan. Ang paglilista ng mga gastusin ay bunga ng prinsipyong *transparency* upang maipaaalam sa bayan kung saan napupunta ang salapi nito.

Sa kabuuán, kung susuriin ang pinagkagastusan ng mga rebolusyonaryo sa Hong Kong ay labis na pagtitiis, pagtitipid at lubhang nakakaawa ang kanilang kalagayan. Walang makikitang paglulustay sa salapi ng rebolusyon. Wala ni anumang luho sa katawan at halos lahat ng kanilang gastos ay para lamang sa kanilang pang-araw-araw na pangangailangan.

Dapat hangaan ang pagtitiis ng mga Rebolusyonaryong kasama sa Hong Kong na karamihan ay nasa kasibulan ng kabataan (17-30) taong gulang. Dapat silang papurihin na sa kabilang isinasaad ng Kasunduan sa Biak-na-Bato na ang P400,000 na nakadeposito sa dalawang bangko ay dapat paghatihatiang ng mga Rebolusyonaryo, tiniis nila ang lahat ng hirap upang huwag galawin ang nasabing salapi. Narito ang paglalarawan ni Jose Alejandrino sa naging pamumuhay ng mga Rebolusyonaryo sa Hong Kong:

*...Palagian ko silang nakikita na mga nakasuot ng ternong lana, natutulog sa sahig, kumakain ng kahabag-habag na pagkain, wala ni anumang uri ng libangan, ngunit palagiang may katiwasayan, masayahing kalooban at wala ni anumang pagtutol...<sup>5</sup>*

Dahil sa inabot na pagtitiis at paghihirap ng mga rebolusyonaryong kasama ni Aguinaldo, ang mga mayayamang Pilipino na dinatnan nila sa Hong Kong ay binansagan ang mga nasabing Rebolusyonaryo na mga rebeldeng pulubi (beggarly rebels).

#### *Ang buhay at pamumuhay ng ilang kinatawan sa ibang bansa*

Samantala, ang mga kinatawan ng Pilipinas sa iba't-ibang bansa ay namuhay rin nang may pagtitipid at pagtitiis. Ang inilaang gugulin (badyet) ng Pamahalaan sa Pilipinas para sa kanilang gastusin ay sadyang napakaliit. Noong 1899, ang inilaan lamang na salaping pang-

---

<sup>5</sup>Alejandrino, p. 83.

gastos ng mga kinatawan ay P80,000 at mismong ang Kalihim ng Ugnayang Panlabas na si Felipe Buencamino ay nagpahayag ng ang nasabing salapi ay napakaliit.<sup>6</sup>

Marami sa mga kinatawan ng Pilipinas ay hindi dumanas ng katulad ng paghihirap ng mga kasapi ng *Hong Kong Junta*. Marami sa mga ito ay nakaririwasa ang pamilya sa Pilipinas at patuloy pa rin silang pinadalhan ng pang-gastos ng kanilang mga kamag-anak. Kadalasan, ang kanilang mga personal na pangangailangan o dating luho ay kanilang tinalikuran o isinakripisyso para sa kanilang pagganap ng tungkulin sa pagpapalaya ng Inangbayan. At sa kanilang pagtalikod sa dating buhay (buhay na nakaririwasa) ay umani ng paglibak sa mga dating kaibigan tulad ng nangyari kay Galicano Apacible:

*Di pinakaasahan na isa sa magiging pabigat kay Apacible ay ang pangangalaga sa pondo ng Rebolusyon na nakadeposito sa bangko sa Hong Kong. Dahil sa kanyang pananagutan sa pananalapi kahit na ang kanyang pamumuhay ay nagkaroon ng kagila-gilas na pagbabago. Dati, siya ay kilalang-kilala sa mga pasugalan sa Hong Kong. Siya'y nagsusugal, siya ay bulagsak, palagiang nasisiyahan na kasakasama ang mga babae. Natural lamang na siya ay maghangad ng masayang pamumuhay, dahil siya ay nasa kanyang kasibulan. At ang kanyang mga kasanahan ay nagsimulang mapansin ang kanyang pagtitipid: kanyang iniwasan ang mga sugalan at tinalikuran na rin ang masayang buhay. Sa kabilang panunuksa at mga panlalait, hindi na siya mapabalik ng mga ito sa kanyang dating pamumuhay.*<sup>7</sup>

Lahat ng maaaring paraan ng pagtitipid ay ginawa ng mga kinatawan ng Pilipinas. Kinakailangan maglakad o kumilos na mag-isa upang makatipid sa gastusin tulad ng ginawang

pagbabalik ni Apacible sa kanyang kalihim na si Cayetano Lukban nang sila'y nasa Paris patungo sa kanilang misyon sa Estados Unidos sa kabilang panganib sa kanyang buhay. Nagtiis din sila sa pagtira sa mga mumurahing otel at pagkain sa mga pinakamumurahing restaurant. Kinakailangan ding tiisin ng mga nasabing kinatawan ang kalungkutan sa ibang lupain bunga ng ibang kultura at wikang hindi maunawaan. Sa isang sulat ni Apacible kay Agoncillo, ganito ang naging reklamo nito habang siya ay nasa Toronto, Canada:

*Kung hindi lamang sa gawaing ito, matagal na sana kaming namatay dito sa sobrang pagkabagot at patatas.*<sup>8</sup>

Si Mariano Ponce, ang kinatawan ng Pilipinas sa Hapon ay may detalyadong listahan ng kanyang mga paggastos sa loob ng tatlong buwan mula Disyembre 1898 hanggang Pebrero 1899 na matatagpuan sa *Cartas Sobre La Revolucion*.<sup>9</sup> Sa pamamagitan ng talaan ng gastusing ito, mailalarawan kung anong uri ng pamumuhay mayroon ang isang kinatawan. Mapapansin na ang pinaggastusan lamang ni Ponce at ng iba pang mga kinatawan ay mahahati lamang sa dalawa: gastusin para sa pagtupad ng tungkulin at gastusin para sa pang-araw-araw na pangangailangan. Ang talaan ding ito'y malinaw na maghahayag ng pagtitii at dedikasyon o pakikisangkot ng isang kinatawan sa pagtupad ng kanyang tungkulin at adhikain na makalaya ang bansa sa kamay ng mga kolonyalista.

Ang mga ginastos ni Ponce para sa pagtupad ng tungkulin ay binubuo ng mga pamahe na magpapakita sa mga lugar na pinupuntahan nito tulad ng Kobe, Sujita at Tokyo. Ang mga gastusing ito ay nagpapakita din ng mga taong kinakaharap, nilalapitan, nakakasama, naka-kasalamuha at ang iba'y naging kaibigan ni Ponce tulad ng ilang mga mamahayag at ang makabayang Tsino na si Sun Yat Sen. Ang ilan pa sa mga opisyal na gastusin ni Ponce ay ang telegrafo, sobre, reproduksyon ng mga

<sup>6</sup>John, R.M. Taylor *The Philippine Insurrection Against the United States: A Compilation of Documents With Notes and Introduction*, T. L. Eks. 742, p. 278.

<sup>7</sup>Encarnacion Alzona, *Galicano Apacible: Profile of A Filipino Patriot*, Printed by the Heirs of Galicano Apacible, 1971, p. 71.

<sup>8</sup>Alzona, p. 105.

<sup>9</sup>Mariano Ponce, *Cartas Sobre La Revolucion, 1897-1900* (Manila: Bureau of Printing, 1937), pp. 295-296.

larawan na ipinadala sa mga pahayagan, pang-hulog ng sulat, pambayad sa isang tagapagsalin na Hapones (\$30), bayad sa pagkonsulta at ang pagbili ng telemetro na ipinag-utos ng Director ng Giyera. At upang makuha ang loob at pagka-kaibigan ng ilang mga Hapones, si Ponce ay may paggastos din sa mga regalo para sa mga opisyal at peryodista.

Ang ilan naman sa pinagkagastusan ni Ponce para sa kanyang pang-araw-araw na pangangailangan ay binubuo ng mga pagkain, kasuotan/damit, at mga gastusin sa bahay. Ilang sa mga kasuotang binili ni Ponce ay kamiseta, terno (*traje*), damit na panlamig ng nabigador, isang dosenang panuelo, medyas, guantes at sapatos na kinakailangan bunga ng malamig na klima sa Hapon. Karaniwan ang mga gastos sa bahay ay nakalista lamang bilang gastos de casa o di kaya ay gastos de cocina. Ngunit may ilang mga kasangkapang hiwalay na nakalista tulad ng kalahating dosenang kubyertos, mesang sulatan, isang relo na pangmesa, 2 kutson, 10 kwaderno, mga palamuti sa sala, kumot at isang sobretodo na Hapones na pambahay. Maliban pa rito, si Ponce ay may mallaki ring paggastos sa bayad sa bahay, katulong at labandera.

Si Ponce ay maaaring nagkasakit ng Enero, 1899 dahil may malaking paggastos para sa doktor at gamot (\$17) at ng sumunod na buwan siya ay gumastos ng \$2.50 para sa dentista. Samantala, may paggastos din para sa tabako at sigarilyo (\$6.00), alak (*vinos*) at biskvit.

Kapunapuna rin ang matinding pagkahilig ni Ponce na madagdagan ang karunungan. Noong Enero 1899, gumastos siya ng \$18.10 para ipambili ng libro. Ang mga nasabing libro at ang presyo nito ay ang mga sumusunod:

International Law	\$2.35
Civil Code of Japan	6.00
Almanack de Gotha	5.50
Le Japon	1.75
Le Coree	2.00
History of Japan	.50
<b>Kabuuang Halaga</b>	<b>\$18.10</b>

Nang sumunod na buwan, isa pang libro ang binili nito, ang *Kojiki* at ito'y nagkakahalaga ng \$4. Nang buwan ding ito, gumastos siya ng halagang \$8 bilang subskripsyon ng iba't-ibang mga diyaryo. Ang mga gastusing ito ay nagpapakita ng pagiging intelektwal ni Ponce na nais madagdagan ang kanyang kaalaman laluna ang ukol sa kasaysayan, kultura at maging ang mga batas ng Hapon at ng daigdig at ng mga pangyayari at nagaganap sa kanyang paligid.

Sa kanyang mga bakanteng panahon, sa gitna ng kanyang kaabalahan, nagbabasa si Ponce ng mga aklat at diyaryo o maaaring nag-aaral din ng wikang Hapon at iba pang mga wika tulad ng Ingles at Prances. Sa kabilang tulad ng pag-eensayo sa pagbaril at ang pakikipag-inuman sa kanyang mga kaibigan tulad ng dalawang Hapones (na hindi binanggit ang pangalan) at kay Sun Yat Sen. Sa aking palagay, ang pakikipag-inumang ito ay hindi lahat kasayahan kundi ang pinag-uusapan pa rin ay ang pagtupad sa tungkulin na iniatang sa balikat ni Ponce.

Samantala, upang higit na mailarawan ang naging pamumuhay at gawain ng ilang mga kinatawan ng Pilipinas sa ibang bansa, narito ang ilang bahagi ng liham ni Galicano Apacible sa kanyang kapatid na si Leon na may petsang Hulyo 6, 1900 na naglalarawan sa kanyang naging paglalakbay:

*...since last December I have been continually travelling going to Paris, London, Canada, and the different states of the United States of America. Now I am at the Auditorium Hotel in Chicago, travelling as a wealthy Mexican, paying \$6.00 (P12.00) a day for my room; now at a hotel in the Bowery in New York City, posing as a Greek immigrant looking for a room. Sometimes I pose as a Japanese: at other times a Chinese, etc. using different names and only on very formal occasions and to very few persons when circumstances demand it do I reveal myself as G. Apacible, Filipino. Then they*

*are very much surprised, and, if I am not mistaken, they regarded me with admiration and they expressed fear of the risk I am running. Sometimes, I wear mustache, at other times side whiskers, then without them. In short and without exaggeration in this mission I lead a most risky and novel-like life that you can imagine. The mission is arduous, causing me continuous moral and physical tension. This continuous pretence, fleeing like a criminal from pleasant company when we see some danger to the Cause; shunning the snares set by friends, and what snares—very beautiful women—thus appearing rude and foolish; changing hastily our residence, moving from one district or city to another, sometimes, crossing by foot the United States-Canadian frontier in freezing weather, 24 degrees below zero...<sup>10</sup>*

Dahil sa inabot na pagtitiis at paghihirap ng ilang mga kinatawan ng Pilipinas sa ibang bansa, ang mga mayayamang Pilipino na walang simpatiya sa rebolusyon sa takot na manganib ang kanilang mga ari-arian ay binansagan ang mga nasabing rebolusyonaryo na mga *revolucionarios descamisados* (shirtless revolutionaries).

#### *Mga katangian ng isang rebolusyonaryo*

Para sa mga tunay na rebolusyonaryo sa ibang bayan, ang kabayanahan ay ang paninindigan at pakikipaglaban para sa ganap ng kalayaan hanggang kamatayan. Walang dapat asahan ang mga Pilipino sa lubusang paglaya nito kundi ang kanyang sarili at ang tanging paraan ay sa pamamagitan lamang ng armadong pakikibaka.

Kung tutuusin, ang pakikipaglaban ng mga rebolusyonaryo sa ibang lupain ay higit na mahirap kaysa sa pakikibaka ng mga rebolusyonaryo sa loob ng bansa. Ang pakikipaglaban ng mga kinatawan ng Pilipinas ay hindi lamang upang gampanan ang kanilang tungkulin na bumili ng armas at bala at makuha ang

pagkilala ng iba't-ibang bansa sa kalayaan ng Pilipinas kundi higit pa ang pagsasakripisyong kanilang dinaranas sa pamumuhay sa ibang lupain. Kinakailangan nilang makiangkop sa ibang kultura, wika, pagpapahalaga at pamumuhay ng mga tao. Ang ganitong suliranin ay naipahayag ni Ponce sa kanyang liham kay Felipe Agoncillo at Faustino Lichauco noong Hulyo 4, 1898. Sa nasabing liham naibulalas ni Ponce ang kanyang komentaryo sa ilang kulturang Hapones tulad ng ukol sa pagkain. Narito ang bahagi ng nasabing liham:

*Nagtagal kami ng kalahating araw sa bahay ni Mr. Wada. Inimbitahan niya kaming maghapunan doon at binigyan niya kami ng mga pagkaing nasa malitit na tasa. Kakaiba ang lasa nito, naghalo ang maanghang, matamis, mapait, maalat, at lahat ng mga kilalang lasa ng pagkain. Nakatikim na ako ng mga pildoras na parang mga minatamis na paminta. Pinakamahirap gawin ang maupo nang pito a walong oras na ganoong kahirap na posisyon habang nananakit ang mga kamay, ang mga kalamnan, at buong katawan.<sup>11</sup>*

Ang problema sa wika ay naipahayag naman ni Ponce sa kanyang liham noong Agosto 19, 1898 kay Juan Lecaroz, isang Pilipinong naninirahan sa Macao. Narito ang nasabing payag:

*...Malaking abala para sa akin ang hindi makausap ang mga tao rito sa sarili nilang wika. Mukhang mahirap iyong dahil napakahirap isaulo ang mga bokabularyo.<sup>12</sup>*

Nakatutuwa ang iba pang mga puna ni Ponce sa iba pang kulturang Hapones tulad ng kanilang wika na *tila awit ng ibon*, ang kanilang mga *bahay na yari sa papel*, at sa kanyang pamamaalam sa liham nito kay Vergel de Dios noong Agosto 5, 1898 kanyang binanggit ang ganito:

<sup>10</sup>Mariano Ponce, *Cartas Sobre La Revolucion*, salin nina Camagay at dela Pena (Lungsod Quezon: University of the Philippines press, 1997), pp. 319-320.

<sup>11</sup>Ponce, p. 163.

*...mula sa bansa ng mga abaniko, bahay na papel at mga matang singkit, isang mahigpit na yakap mula sa iyong kaibigan tuwina...<sup>13</sup>*

Katulad ng mga kasapi ng *Hong Kong Junta*, ang isa pang naging suliranin ng mga kinalawan sa ibang bansa ay ang napakalamig na klima. Ang malaking gastusin sa pananamit ay bunga ng di-matagalang lamig ng mga rebolusyonaryo. Ayon kay Ponce sa kanyang paliwanag sa pinakagastusan nito noong Nobyembre 29, 1898:

*Kailangan idagdag sa mga gastos na ito ang ipinambili ko ng mga damit-panlamig. Napilitan akong bilhin ang mga iyon gawa ng lamig na tumitindi sa bawat araw...<sup>14</sup>*

Ang paninibago sa kakaibang klima ay nagdulot ng madalas na pagkakasakit ni Ponce. Kinalangan nitong magpalipat-lipat ng tirahan upang makaiwas lamang sa pabago-bagong klima. Sa kanyang liham kay Howard Bray noong Hulyo 28, 1898 nabanggit nito na napatulis ang kanyang pagtungo sa Yokohama, Hapon mula Hong Kong bunga ng paglala ng kanyang sakit dahil sa klima.<sup>15</sup>

Maliban sa problema ng pakikiangkop sa bansang tinitirhan, ang isa pang kinakailangang labanan ng mga kinatalawan sa ibang bansa sa pagtupad ng kanilang mga gawain ay ang pag-aalaala sa kanilang mga pamilyang naiwan sa Pilipinas na kasalukuyang walang katatagan bunga ng nagaganap na digmaan. Ang mga kinatalawan sa iba't-ibang bansa ay patuloy na nangangamba sa kalagayan ng kanilang mga pamilya laluna kung ang mga ito ay matagal ng hindi sumusulat. Sa kabilang paninirahan at paghihikahos sa ibang lupain, ang mga rebolusyonaryo ay patuloy sa pagaalaala sa kani-kanilang mga pamilya at ang iba ay nagagawa pang magpaabot ng kaunting halaga sa mga ito tulad ng pagpapadala ni Ponce ng halagang singkwenta pesos sa kanyang pamilya kay Teodoro Sandiko. Samantala, sa liham ni Ponce noong Pebrero 26, 1899

kay Faustino Lichauco, ipinakikiusap nito na ipadala ang dalawang kahon na ang isa ay may lamang payong sa kanyang pamilya sa Pilipinas. Ang nasabing mga kahon ay naglalaman ng mga regalo para sa kanyang kapatid na si Pedro na nabalitaan nitong ikakasal. Sa kabilang kaabalahan, si Ponce ay hindi pa rin nakakalimutan ang mahahalagang okasyon sa kanyang pamilya. At kung mailalarawan lamang natin ang damdamin nito na hindi makauwi sa Pilipinas dahil sa pagtupad sa tungkulin, napakalungkot marahil. Narito ang bahagi ng nasabing liham:

*Mayroong dalawang paketeng may etiketa para kay Pedro Ponce. Payong ang laman ng isa at malit naman ang pangalawang kahon. Nakikiusap ako sa inyong alamin kung magagawan ng paraan ng kaibigan si Santos na ipadala ito sa aking pamilya. Ibinalita sa akin na ikakasal ang aking kapatid. Mga regalang pangkasal ang mga iyon. Kung hindi maipadadala ang mga ito gawa ng kasalukuyang sitwasyon sa ating bayan, nakikiusap akong itago muna ninyo ang mga ito hanggang sa bumuti ang mga pangyayari...<sup>16</sup>*

Ang pag-ala-ala sa kani-kanilang pamilya ay nagdulot ng hindi pagkakatulog ng mga rebolusyonaryo. Sa isang liham na ipinadala ni Ponce kay Galicano Apacible noong Oktubre 19, 1899, ibinabalita nito ang pagtanggap ni Lichauco ng isang liham mula sa kanyang asawa na ibinabalita ang pagdating sa Yokohama ni Ginoong Rivero para palitan siya at nang makabalik ito sa Hong Kong upang makapiling ang kanyang pamilya. Inilarawan ni Ponce sa nasabing liham ang matinding kagalakan ni Lichauco. Narito ang bahagi ng nasabing liham:

*Nakatanggap ng sulat si Lichauco sa kanyang asawa na nagsasabing darating daw si Sr. Rivero upang palitan siya at nang makabalik siya sa Hongkong kung saan siya ipinadala ng ating gobyerno. Lubha siyang natuwa sa balitang ito*

<sup>13</sup>Ponce, p. 152.

<sup>14</sup>Ponce, p. 262.

<sup>15</sup>Ponce, p. 143.

<sup>16</sup>Ponce, p. 313.

*dahil muli niyang makakapiling ang kanyang pamilya. Hindi siya makatulog sa kaiisip sa kanila.<sup>17</sup>*

Ang kalungkutan ng mga rebolusyonaryo ay lalo pang naragdagan bunga ng mga masasamang balita na nangyayari sa kani-kanilang pamilya. Hindi kayang mailarawan ang pighati at ang pananabik na makabalik sa Pilipinas ng isang kasapi ng *Comite Central Filipino* na nagngangalang Tuason bunga ng balitang lumabas sa mga pahayagan na patayan na naganap sa kanyang pamilya na kung saan nabaril ng rebolber ng kanyang bayaw na si Herrera Davila ang kanyang manugang at pamangkin na si Sr. Vidal bunga ng isang pag-aaway. Samantala labis na ikinainis at ikinabahala ni Juan Luna ang balita na pumunta sa Maynila ang kanyang mga kapatid nang may permiso ni Heneral Otis. Ang nasabing hinanakit ay nagbunga ng matinding kalungkutan at galit kay Luna na maaaring siyang naging dahilan ng kanyang atake sa puso na nagresulta ng kamatayan nito. Ang nasabing pagkainis sa ginawa ng kanyang pamilya ay baon-baon ni Luna hanggang kamatayan.

Ang isa pang damdaming hindi kayang maipaliwanag na naranasan ng mga rebolusyonaryo sa ibang bansa ay ang masaksihan ang kamatayan ng isang kasama. Si Ponce ay naging saksi sa kamatayan ng dalawang kasama sa pakikibaka at kaibigan sa ibang bansa: ang kamatayan ni Marcelo H. del Pilar sa Barcelona noong Hulyo 1896 at ni Juan Luna noong Disyembre 7, 1899. Ang matinding kalungkutan at sakit na naranasan ni Ponce bilang saksi, kasama sa kwarto, at nasa tabi mismo ni Luna bago ito mamatay ay nailarawan nito sa kanyang liham kay Blumentritt noong Disyembre 21, 1899. Sa nasabing liham ay naibulalas din nito ang labis na epekto ng nasabing kamatayan sa kanya na nagbunga ng ilang araw na pagsama ng pakiramdam. Narito ang bahagi ng nasabing liham:

*Isang malungkot na balita ang pagamatay ng kaawa-awang Juan Luna. Nangyari ito ilang araw matapos*

*dumating mula Paris. Dumating siya noong ika-3 na maganda ang kalagayan; tumuloy siya rito sa amin at nakasama ko sa kuwarto. Noong gabi ng ika-5, nagkalagnat siya at sumakit ang ulo. Akala namin ay trangkasol lamang iyon. Binigyan siya ng purga. Mabuti-butih ang kondisyon niya noong ika-6 at sumulat pa nga siya sa kanyang ina. Kina-gabihin, dahil magkatabi ang mga kama namin, ang tagal naming nag-usap tungkol sa aming sitwasyon. Ipinag-tapat niya ang malaki niyang galit nang malamang pumunta sa Manila ang mga kapatid niya nang may permiso ni Otis. Labis niyang ikinainis at ikinabahala ito. Sinabi ko sa kanya na dapat kaming maghintay ng balita bago maghusga dahil marami kaming kilala na lumipat sa Manila nang may paalam kay Sr. Aguinaldo. Maagang-maaga ng ika-7, sinabi niyang mayroon siyang napakatinding sakit ng ulo. Inatake siya sa puso. Wala siyang dinanas na paghihirap at isa iyong tahimik na kamatayan. Isipin mo na lang kung anong sakit iyon para sa amin! Ilan ng mga kaibigan ang nakita kong namatay! Labis akong naapektuhan ng kamatayan ito kaya ilang araw akong masama ang pakiramdam...<sup>18</sup>*

Sa kabilang mga nasabing suliranin at sitwasyon, ang mga nakararaming rebolusyonaryo ay naging matatag, matapang, buo ang loob para sa ikatatamo ng tunay na kalayaan. At sa pagtupad ng kanilang mga tungkulin, maging ang kanilang pansariling kaligayahan ay handang isakripisyos. Sa kabilang kanyang kaabalahan, si Ponce ay nabighani sa kagandahan ng isang prinsesang Koreana na anak ni Prinsipe Komnung. Narito ang paglalarawan ni Ponce sa nasabing Koreana:

*...Binigyan kami ng isang despedida dahil pupunta bukas ang prinsipe sa Nagasaki upang sunduin sa paaralan ang isang anak niyang babae, isang prinsesita na oobserbahan ko sa loob ng*

<sup>17</sup>Ponce, pp. 492-493.

<sup>18</sup>Ponce, 231.

*dalawang linggo. Talo niya ang mga Hapones sa kapinuhan at higit niyang alam ang dapat na pagkilos sa lipunan Europeo kaysa sa mga Europeo mismo. Magugustuhan ninyo ang kanyang pagtrato. Nakapagsasalita siya ng ingles at nagsusulatan kami sa wikang iyon...<sup>19</sup>*

At sa kanyang liham kay Isidoro de Santos noong Pebrero 18, 1899, naibalita ni Ponce na plano na niyang ligawan ang nasabing Koreana pagdating nito sa Yokohama. Ngunit pagsapit ng Hunyo 1899, ibinalita nito kay Riego de Dios na sila'y magkaibigan pa lamang ng prinsiseta at nanghihinayang ito dahil muli na naman itong nagbalik ng Nagasaki at mananatili doon ng hanggang Nobyembre. At sa liham nito kay Vergel de Dios ng nasabi ring buwan, naipahayag nito ang kanyang hangarin na pakasalan ang nasabing Koreana. Narito ang nasabing liham:

*Hayaan mo akong hindi muna magsalita tungkol sa Koreana. Subjudice ang bagay na ito at kailangang igalang ang pagiging lihim nito. Natutuwa lang akong isipin ang pag-aasawa ng isang Republikano at isang dugong-bughaw.<sup>20</sup>*

Ngunit ang nasabing pag-ibig ay wala ng pinatunguhan. Hindi na nahintay ni Ponce ang pagbalik ng prinsesa ng Nobyembre dahil pinabalik na siya ng Comite Central Filipino sa Hong Kong ng katapusan ng Oktubre. At sa pangyayaring ito, pinatunayan ni Ponce na higit dapat mangbabaw ang pagmamahal at tungkulin sa bayan kaysa sa pansariling kaligayahan.

Ang kasalatang pinansyal at kakulangan ng mga materyal na bagay sa ibang lupain ay naglabas din ng pagiging malikhain ng isang rebolusyonaryo. Lahat ng uri ng hanapbhay ay halos kanilang pinasukan. Ang anumang pagkakataon ay kanilang sinasamtala upang kumita ng pera habang ginagampanan ang kanilang tungkulin sa bayan. Isang halimbawa nito ay ang ginawang pagkuha ng larawan ni Sandiko sa crew at mga pasahero ng barkong

kanyang sinasakyang kapalit ang kaunting kabayaran habang patungo ito sa Hong Kong mula sa Hamburg, Alemania. At upang hindi lumabas na kahiyahiya ang lahing Pilipino sa kanyang ginagawa, siya ay nagpanggap na isang Hapon sa nagngangalang Takeshi.<sup>21</sup>

At habang nasa Hong Kong naman si Sandiko ay lahat ng maaaring pwedeng mapagkakitaan sa malinis na paraan ay kanyang sinubukan. Siya ay bumili ng isang bisikleta upang gamitin sa pagtuturo ng mga nais matutong magbisikleta kapalit ang kaunting kabayaran. Nagturo din siya ng boksing (maging ito man ay istilong Pranses o Ingles), *wrestling*, *fencing*, at ng iba't-ibang wika tulad ng Ingles, Pranses, Espanyol at Aleman. At ng magkaroon na ito ng kaunting naiiron, bumili ito ng ilan pang bisikleta at nagbukas ng isang paupahan. Ang karaniwan niyang parokyano ay mga sundalo at mandaragat (*sailor*) na Ingles at iba pang mga nasyonalidad. Si Sandiko ay madalas naki-kitang nakikipagsuntukan sa mga parokyano upang masingil lamang ang karagdagang upa na lampas sa binabayaran oras ng mga nanghiram at upang mabawi ang kanyang bisikleta na karaniwang nakikita sa mga inuman (bars) na pinagdalhan ng kanyang mga parokyano sundalo at mandaragat na mga lasing na lasing. Narito ang ilang bahagi ng naging pamumuhay at negosyo ni Sandiko:

